# *Sa Kanyang Presensya*

Salamat, Kapatid na Neville, pagpalain ka nang lubos na masagana ng Panginoon.

At magandang gabi, mga kaibigan. Isa ngang dakilang pribilehiyo ang makabalik dito sa gusaling ito muli ngayong gabi, at madama ang di-nagmamaliw na Presensya ng ating Panginoon, gaya ng ipinangako Niya. At ngayon, alam kong marami sa inyo ang nanatili para sa munting Mensahe ngayong gabi, na ipinagpapasalamat ko nang lubos. At marami sa inyo ang bibiyahe pa nang malayo ngayong gabi, para makauwi. Ang ilan ay umalis na sa tinutuluyan nilang mga motel, sa pagkakaunawa ko. At sisikapin nating di na kayo panatilihin pa nang matagal, hayan nga't inagahan na natin ang pagpunta rito para makauwi tayo nang maaga.

2 At ngayon sisikapin natin, sa abot ng makakaya ko, hayan nga't ipababatid ko kung kailan natin 'yun sisimulan, may mga natatanggap akong mga tawag nung hapon, tinatanong kung kailan natin sisimulan 'yung mga aklat, o 'yung mga kabanata. At sa palagay ko, kung loloobin ng Panginoon, tatalakayin ko, sa susunod na magkita tayo, ang tungkol sa Pitong Tatak ng Apocalipsis, at ang pitong natural na tatak. At, kung matapos natin 'yun agad, tatalakayin natin ang pitong tatak sa labas ng Aklat, kita n'yo. Ngayon, maaaring matagalan tayo roon. Kita n'yo, may pitong tatak na nabuksan; may pitong salot, pitong trumpeta, ang lahat ng mga tig-pipitong 'yun; at maaari nating unahin 'yung mga tatak. Hayan nga't ang labas ng Aklat ay natatatakan ng pitong tatak. Narinig ni Daniel ang mga tinig, ang mga kulog, at pinagbawalang isulat 'yun. Pinagbawalan si Juan na isulat 'yun. Hayan nga't natatatakan 'yung labas ng Aklat, noon ngang, tapos nang maibigay at maihayag ang lahat nung mga hiwaga sa Aklat. Pansinin n'yo ang sinabi ni Daniel doon, "Ang mga hiwaga sa panahon ng mga tinig, ang hiwaga ng Diyos ay mahahayag na sa panahong iyan." Kita n'yo, "ang hiwaga," kung sino nga ba ang Diyos, kung papaano nga Siya nagkatawang-tao, ang lahat nga ng mga 'yan ay mahahayag sa panahong iyan. At pagkatapos—pagkatapos nun ay tatalakayin na natin agad itong Pitong Tatak sa labas ng Aklat, na ni hindi ipinahayag sa tao, ni hindi naisulat sa Aklat, ngunit tiyak na di bubunggo sa lahat ng iba pang bahagi sa Biblia, at sa palagay ko'y napakaganda nga talaga nito.

3 Kaya sisikapin na natin ngayong bilisan ito para matapos agad. Pinasasalamatan ko ang bawat isa sa inyo dahil sa inyong kabutihang-loob at sa inyong pagdalo, at—at sa lahat ng inyong mga ginawa, lubos nga namin kayong pinasasalamatan. At ngayon umaasa akong—akong di namin kayo pananatilihin pa

nang masyadong matagal sa gabing ito, dahil nakapagtiyaga kayong maupo, tumayo. Sabi ng asawa ko riyan sa likod, may nasabi siya tungkol nung isang gabi, sabi niya, "Nakakita ako ng mga kababaihang medyo malaki ang pangangatawan, na nakatayo dun, at basang-basa na ng pawis ang mga damit, pero nakatayo pa rin, at talagang inuunawa nang husto ang bawat Salita." Iyan nga ang dahilan kung bakit nais kong manatili sa ilalim ng pahid ng Espiritu Santo, na sa pagtungtong mo rito'y ang masasabi mo lang sa mga taong narito'y panay tunay na Katotohanan, kita n'yo, at sadyang wala nang iba kundi ang Katotohanan. At makasasandig sila Roon at magiging maayos ang lahat.

4 Ngayon nais kong humingi ng paumanhin sa inyo para sa mga susunod na minuto. Medyo napaaga ang pagtatapos ko sa mensahe kaninang umaga. At ihihinto muna nila ang mga teyp sa mga sandaling ito, at sasabihin ko—ko maya-maya sa mga tagapag-rekord kung kailan nila isasalang uli ang teyp. Nais ko muna kasing tapusin itong *Paubos Na Pagbibilang*, limang minuto para riyan, bago ako magtuloy-tuloy. Nakalimutan ko't nakaalis na agad ako kanina, sadyang natangay ako nang husto kaninang umaga kaya tuloy nakaalis akong hindi man lang nasasabi kung ano ba talaga 'yun. Hayan nga't, tila nabitin ko kayo sa, "Ano nga ba ang paubos na pagbibilang?" Kita n'yo? Alam kong narito na tayo sa panahon na paubos na talaga ang pagbibilang, subalit ano nga ba ang paubos na pagbibilang? Kita n'yo? Kung hindi n'yo alam kung ano ang paubos na pagbibilang, kung gayon kayo'y medyo maguguluhan n'yan. At kaya nais ko—ko nang—nang tapusin 'yun, agad, at sisikaping masundan ko ang tono ko kanina para matapos ko na ang teyp na ito ngayon, para maipamahagi na itong teyp na, *Paubos Na Pagbibilang*. Ngayon humihingi ako ng paumanhin sa inyong lahat para sa kaunting sandali, at nais kong tapusin na ang teyp na ito. Makapaghihintay po ba kayo nang ilang saglit, bago tayo magsimula sa panibago? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] At ngayon—ngayon sa mga nasa teyp rekorder, kung maaari, pindutin n'yo na ang mga teyp ngayon.

[Blangkong bahagi sa teyp. Ipinaliliwanag ni Kapatid na Branham sa talatang 4-5 na isiningit niya ang nawawalang bahaging 'yun sa pang-umaga niyang sermon na pinamagatang *Paubos Na Pagbibilang*, para maging talatang 106-111—Pat.]

5 Kung saan-saang dako pa tayo nanggaling, at nagkaroon tayo ng mapagpalang sandali sa huling tatlong mensahe rito, na nangungusap tungkol sa paksa ng—ng iba't ibang turo't aral at ng iba pa na natalakay rito. Naisip kong bigyan ng kaunting panahon, ang mga nag-aasikaso ng teyp, para makapagsalang ng panibagong teyp. Sasabihin ko sa inyo kung puwede nang pindutin. Buweno. Ngayon, kailangan kong bantayan ito maigi. Hayan nga't para bang napakaraming seremonyang kailangan

gawin, pero mahalagang magawa ito ng mga kalalakihan natin diyan nang maayos. At hindi sila puwedeng magkamali; kung magkamali sila nang pag-aayos, hindi ito mauunawaan ng mga tao sa iba't ibang dako. Kaya iniingatan talaga natin ito. At kung maaari'y lumabas ang isa sa inyo riyan sa may silid para senyasan ako, Junior, kung nakahanda na silang pagdugtungin 'yung mga teyp. Maraming salamat, mga kapatid, sasabihin ko itong muli, salamat sa lahat ng inyong kabutihan at lahat na. Sige, nakahanda na tayo ngayon, maaari n'yo nang pindutin uli ang mga 'yan.

6 Pagpalain po kayo ng Panginoon. Nagagalak nga tayong makaparito muli sa tabernakulo ngayong gabi. Punung-puno muli ang lugar ng maraming tao't nangakatayo pa ang ilan sa palibot ngayong gabi, sa tatlong araw na. . . o tatlong beses na gawain. Nais kong ang sinumang nakikinig sa teyp na ito, na maaari silang pumunta rito at kumuha nung teyp kagabi. Pag-aralan n'yo ito pag-uwi n'yo. Ito ang—ang kasalukuyang yugto ng ministeryong ipinagkaloob sa akin ng Panginoon. Hayan nga't nais kong mapakinggan talaga 'yan ng mga ministro bago ako dumalaw sa mga simbahan nila at bumisita sa kanilang mga tahanan. Hayan nga't gusto ko na—na makakuha sila nun. Ngayon, kaninang umaga ay nangusap tayo sa paksang *Paubos Na Pagbibilang*, nakahanda na ngang lumisan ang Iglesya.

7 At ngayon sa gabing ito, kung loobin ng Diyos, mangungusap tayo sa paksang *Sa Kanyang Presensya*. At, oh, lubos-lubos nga tayong nagpapasalamat sa Diyos dahil sa pribilehiyo na maaari tayong makalapit sa Kanyang Presensya. Pero, bago 'yan, nais kong makibuklat kayong lahat sa akin ng inyong mga Biblia sa propeta Isaias, sa ika-6 na kabanata ng propeta Isaias. Alam nating lahat na si Isaias ay isang pangunahing propeta, at isa sa mga dakilang propeta ng kanyang panahon. Natapos ang kanyang buhay nung hatiin ang kanyang katawan ng mga lagari, bilang patotoo, bilang martir sa kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Sa Aklat ng Isaias, sa ika-6 na kabanata, sisimulan ko sa ika-5 talata, ang pagbasa. "Nang magkagayo'y sinabi ko, 'Sa aba ko!' Sapagkat. . . " Siguro'y sisimulan ko na lang sa unang talata. Bigyan n'yo lang ako nang kaunting sandali. Simulan natin sa unang talata at magbasa pababa hanggang sa ika-8 talata.

> *Noong taong mamatay ang haring Uzzias ay nakita ko ang Panginoon na nakaupo sa isang luklukan, matayog at mataas, at pinuno ang templo ng kaniyang kaluwalhatian.*
>
> *Sa itaas niya ay nangakatayo ang mga serapin: bawa't isa'y* may *anim na pakpak; na may dalawa na nagsisitakip ng kaniyang mukha, at may dalawa na nagsisitakip ng kaniyang mga paa, at may dalawa na naglilipad sa kaniya.*

*At nagsisigawang isa't isa, at nagsasabi, Banal, banal, banal ang* PANGINOONG Diyos ng *mga hukbo:* at *ang buong lupa ay napuno ng kaniyang kaluwalhatian.*

*At ang mga patibayan ng mga pintuan ay nakilos sa tinig ng sumisigaw, at ang bahay ay napuno ng usok.*

*Nang magkagayo'y sinabi ko, Sa aba ko! sapagka't ako'y napahamak; sapagka't ako'y lalaking may maruming mga labi, at ako'y tumatahan sa gitna ng . . . bayan na may maruming mga labi: sapagka't nakita ng* aking *mga mata ang Hari, ang* PANGINOON *ng mga hukbo.*

*Nang magkagayo'y nilipad ako ng isa sa mga serapin, na may baga sa kaniyang kamay, na kaniyang kinuha ng mga pangipit mula sa dambana:*

*At hinipo niya niyaon ang aking bibig, at nagsabi, Narito,* hinipo *nito ang iyong mga labi; at ang iyong kasamaan ay naalis, at ang iyong kasalanan ay naalis.*

*At narinig ko ang tinig ng Panginoon, na nagsasabi,* Sinong *susuguin ko, at sinong yayaon sa ganang amin? Nang magkagayo'y sinabi ko, Narito* ako; *suguin mo ako.*

8 Pagpalain nawa ng Panginoon ang Kanyang Salita. Sa palagay ko'y kahanga-hangang Kasulatan nga iyan. Nalaman natin na, sa Presensya ng Diyos, napagkikilala ng mga tao ang mga sarili nila na makasalanan. Maaaring pakiramdam natin sa ating sarili ay napakabuti natin kapag nasa ibang mga dako tayo, at pakiramdam nga nati'y para bang mararangal tayong mga tao, subalit kung dadako tayo roon sa Presensya ng Diyos, atin ngang makikitang ang liit lang pala natin kung tutuusin.

9 Di pa ganoong katagalan ay nakasama ko ang isang—isang kaibigan na nabigyan ako ng pribilehiyong maakay kay Cristo, si Bert Call, nakatayo kami noon sa New Hampshire, nakasama ko siya sa pangangaso, nakatayo kami sa gilid ng Cold Brook Falls doon sa Adirondack, at talagang ubod ng laki 'yung talon na naroon. Isinama ko ang pamilya ko noong nakaraang taon sa dakong 'yun para makita 'yun. Masukal 'yung daan paakyat roon, kailangan mong suungin 'yung sukal para marating 'yun. At noong makita na namin 'yung nagbeberde-berdeng asul na tubig na bumubuhos nang may ubod-lakas na puwersa mula sa kabundukan, at rumaragasa sa batuhan, tumayo roon si Bert at napatingin sa akin, at sabi niya, "Grabe, Billy, parang ganito *lang* kaliit ang tao kumpara sa bagay na 'yan," napasenyas pa siya ng sang-kapat na pulgada sa mga daliri niya. At sabi ko, "Siyanga, Bert." Ngayon, doon nga niya napagtanto kung ano ang pakiramdam ng mapapadako ka sa Presensya ng Diyos, sa pamamagitan nga nung pagtingin sa nilikhang iyon ng Diyos.

10 Iniisip-isip ko nga lagi 'yung taong sumulat ng *How Great Thou Art*, kung di pa siya nun namangha nung tumingala siya isang gabi at tumingin sa mga bituwin, kung gaano sila kalayo!

Ilang buwan na nga rin ang nakalilipas, kami nina Kapatid na Fred, Kapatid na Wood at ako, nakatayo kami noon kasama si Kapatid na Mc Anally doon sa disyerto ng Arizona, sinusukat namin, sinusubukan namin, 'yung isang bituwin, kung gaano 'yun kalapit sa isa pa. Hayan nga't sa milyun-milyon at bilyun-bilyong milya ang layo sa isa't isa, parang kung titingnan wala pang sang-kapat na pulgada ang layo nila sa isa't isa. Tapos napagtanto namin, ayon na rin sa pagsasaliksik ng siyensiya sa bagay na 'yun, mas malayo pa pala kung tutuusin 'yung mga bituwin na 'yun sa isa't isa kaysa tayo sa kanila roon. Kita n'yo na kung gaanong kamangha-mangha talaga 'yun?

11 Hayan nga't dumarating tayo sa napagtatanto natin kung gaano tayong kaliit kapag napagtatanto natin kung gaano Siya kadakila, at kung gaanong dapat tayong lumapit pa sa paglapit sa Kanyang Presensya. Sa lahat nga ng pagkakataon, lagi itong nagdudulot ng isang kamangha-manghang udyok sa mga tao para lumapit sa Presensya ng Diyos. Sa tuwi-tuwina'y nakikita ko sa pagmi-ministeryo ko 'yung ilang pagkakataong makikita mo ang Presensya ng Diyos na dumarating sa puntong 'yun na pinalalapit ang isang tao at ilalahad ang buhay niya sa kanila, at ipahahayag ang kanilang mga kasalanan ng lahat na ng uri ng mga gawang imoral, at magdudulot 'yun ng talagang banal na katahimikan sa gitna ng mga taong naroon hanggang sa iwan muna nila ang pila para sa pananalangin at mamaya na lang sila pipila uli para maipanalangin, at tatakbo muna sa altar para maituwid sa harap ng Diyos bago sila dudulog sa Kanyang Presensya. Kita n'yo, may kamangha-manghang bagay talaga tungkol sa paglapit sa Presensya ng Diyos, hayan nga't nagdudulot ito ng mga bagay na gaya n'yan na mangyari. Hayan nga't nakakita na ako ng mga taong nararatay sa mga banig at mga stretcher.

12 Isang gabi doon sa Mexico, noong ang isang munting patay na sanggol ay natatalukbungan na ng kumot, dala-dala nung munting inang taga-Espanya, o ng munting inang taga-Mexico, pala, dala-dala 'yun doon. Noong makita nila, makita ng ilang libong tao na naroon, marahil limampu o pitumpu't limang libo sa isang pagtitipong 'yun, makitang ang munting sanggol na 'yun na patay na pero nabuhay muli, nangahimatay ang mga kababaihan, nagsipagtaasan ng mga kamay 'yung mga tao at napahiyaw. Bakit? Napagtanto nilang hindi kayang gawin 'yun ng kung sinong tao lang, at sila'y nasa Presensya noon ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. At nagdulot nga 'yun ng bagay na gaya nun na mangyari.

13 Nabigyan ako minsan ng pribilehiyong makapakinig sa pangangaral ng mga lalaking banal. May naikuwento nga sila noon tungkol kay Charles Finney, maliit na lalaki, wala pang sandaan at sampung libra ang timbang, gayunpaman may diin siya kung magsalita kaya naman. . . Noong sinusubukan niya

’yung magiging dating ng boses niya isang araw sa isang gusali. Wala pa silang mga P.A. system noong araw. At may lalaki noong nagkukumpuni, sa itaas na balkonahe, o doon sa ibabaw ng bubong ng gusaling ’yun, at narinig nung lalaking may pumasok na tao, at hindi na niya pinansin pa kasi hindi naman niya kakilala, basta patuloy lang siya sa ginagawa niya roon. At susubukan na nga noon ni G. Finney ’yung magiging dating ng boses niya. Pagkatapos niyang maglaan ng maraming oras sa pananalangin para sa rebaybal na iyon na idaraos niya, sinubukan niya ang magiging dating ng boses niya para tingnan kung ano ang kalalabasan. Dali-dali siyang pumanhik doon sa pulpito, at nagsalita siya, “Mangagsisi kayo, o kayo’y mangamamatay!” At napalakas—napalakas ’yung pagkakasabi niya, hayan nga’t siya’y nasa ilalim noon ng pahid ng Diyos, hanggang sa mahulog ’yung lalaki mula sa itaas na balkonahe, pababa roon sa sahig, o, mula sa ibabaw ng gusali, diretso sa sahig.

14 Ipinangaral niya ang Ebanghelyo sa isang napakadakilang paraan na hayan nga’t tumayo siya sa Boston, Massachusetts, sa isang maliit na bintanang nakatanaw sa labas, dahil walang simbahang puwedeng pagkasyahan ng mga tagapakinig niya sa loob. At tumayo siya roon na may taglay na diin, at ipinangaral niyang ang impiyerno’y isa ngang kahindik-hindik na lugar, hanggang sa ang mga nagtatrabahong mga lalaki na may mga dala-dalang basket, ay nagpatirapa sa kalsada at nagsisumamo ng habag. Sa Presensya ng Diyos! Mga dakilang mangangaral na nagawa nila, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, na dalhin ang mga tagapakinig patungo sa Presensya ng Diyos. Huwag naman sanang mangyari na titigas nang husto ang puso ng mga tao na hindi man lang nila makilala ang Presensya ng Diyos. Huwag naman sana!

15 Noon ngang ang unang tao, noong katatapos pa lang niyang magkasala at makagawa ng bagay na mali, at noong lumapit na ang Diyos sa presensya niya, o, lumapit siya sa Presensya ng Diyos, “si Adan,” hindi siya makatayo sa Presensya ng Diyos. Tumakbo siya at itinago ang sarili sa palumpong at pilit na tinatakpan ang sarili ng dahon ng igos, sapagkat alam niyang nakatayo siya sa Presensya ni Jehovah, ang Manlilikha. Iyon ang naging reaksyon ng unang tao, matapos niyang magkasala at sumubok lumapit sa Presensya ng Diyos na may kasalanan sa kanyang kaluluwa. Hindi siya makapagtago, sapagkat mura pa siya. Hindi pa nakakakapit nang husto ang kasalanan na gaya ng pag-uugat nito ngayon sa puso ng mga tao, pero sa kabila nun may lubos siyang kamalayan na nakatayo siya sa harapan ng kanyang Manlilikha. Ngayon, itinago niya ang sarili sa mga palumpong at ayaw niyang lumabas, at hindi rin naman siya makalalabas hangga’t may ihanda muna ang Diyos para sa kanya.

16 Maaari nating balikan, at kunin ang ika-17 kabanata ng Genesis doon sa ika-3 talata, noong ang dakilang patriarkang, si Abraham, noong maparoon siya sa Presensya ng Diyos, at nangusap sa kanya ang Diyos (sa ika-17 kabanata) sa Pangalan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ay nagpatirapa roon si Abraham. Ang dakilang patriarka, lingkod ng Diyos, hindi siya makatayo sa Presensya ng Diyos, bagamat naglingkod siya sa Kanya sa loob ng dalawampu't limang taon, nang may buong katapatan. Hayan nga't noong kumilos ang Diyos sa harapan niya, nagpatirapa ang patriarka dahil hindi siya makatayo sa Presensya ng Diyos.

17 Sa Exodo 3, nalaman natin dun na si Moises, ang dakilang lingkod at propeta ng Diyos, noong naroon siya sa likuran ng ilang, isa nga siyang banal na tao. Ipinanganak siya para sa ganoong layunin. Ipinanganak siya buhat sa sinapupunan ng kanyang nanay upang maging isang propeta. Nagsikap siyang makapag-aral nang maigi at gawin ang lahat ng magagawa niya upang mailabas niya ang kanyang bayan, dahil alam niya na ang bigat ng pasanin ay nasa kanya para mailabas niya ang kanyang bayan, subalit ang pagkakaunawa niya sa bagay na 'yun ay sa teololohikang pagkakaalam lang. Haya't sinanay nga siya. Tinuruan siyang maigi. Kaya niyang makapagturo ng karunungan sa mga taga-Egipto, na mga pinaka matatalinong tao sa daigdig noon. Nalalaman niyang lahat ang pasikut-sikot. Kabisado niya ang Kasulatan mula A hanggang Z. Alam na alam niya ang mga pangakong binitiwan ng Diyos. Alam na alam niya 'yun buhat sa intelektuwal na pagkakaalam. At isa—isa siyang dalubhasang militar. Ngunit isang araw sa likuran ng ilang, noong lumapit siya sa Presensya ng Diyos, napahubad siya ng kanyang panyapak at napaluhod sa—sa kanyang mga paa, dahil nalaman niyang siya'y nasa banal na dako. Hindi siya makatayo sa kanyang mga paa noong lumapit siya dun sa Presensya ng Diyos, nagpatirapa siya tulad ni Abraham. Hindi siya makatayo sa Presensya ng Diyos.

18 Sa Exodo 19:19, noong ang piniling bayan ng Diyos buhat pa roon sa panahon ni Abraham, mula kay Abraham lumabas si Isaac, kay Isaac lumabas si Jacob, mula kay Jacob lumabas ang mga patriarka, at maraming mga taon ang lumipas sunud-sunod na lumabas ang mga lalaking banal na ito, mga dakilang lalaki, piniling bayan, piniling lahi, binanal, bayang banal, na habambuhay na naglilingkod sa Diyos. At isang araw sinabi ng Diyos, "Tipunin mo rito ang bayang Israel, mangungusap Ako sa kanila."

19 Subalit noong bumaba ang Diyos sa taluktok ng Bundok ng Sinai, at nag-apoy ang buong bundok, at pumainlanlang ang usok mula sa dakong 'yun na gaya ng isang hurno, at umugong ang Tinig ng Diyos. Nagpatirapa ang bayang Israel at nagsabi, "Magsalita si Moises, datapwat huwag ang Diyos, baka kami

ay mamatay." Hayan nga't ang tao, sa Presensya ng Diyos, ay napagtatanto niyang isa siyang makasalanan! Gayong sila, bawat isa sa kanila, ay tinuli naman sang-ayon sa Kautusan. At natutupad naman nila ang mga kautusan at ang iba pa, ngunit nung magsalita ang Diyos at lumapit sila sa Kanyang Presensya, hayan nga't napagkilala nilang sila'y lihis, na hindi sila—hindi sila matuwid, may kung anong bagay na kulang sila, noon ngang nasa Presensya sila ng Diyos. Oo. Hayan nga't sinabi nila, "Si Moises na lang ang magsalita, datapwat huwag ang Diyos, baka kung magsasalita ang Diyos ay mamamatay kaming lahat. Hayaang si Moises na ang magsalita sa amin."

20 Doon nga sa Lucas 5:8, noong si Pedro . . . oh, noong isa pa siya noong tigasin, hayan nga't lalaking napakalakas ng dating, alam n'yo naman siguro 'yung tinutukoy kong lakas ng dating. Para bang pasiga-siga, palibhasa'y mahusay siyang mangisda. Subalit nung kanyang masaksihan yaong himala ng Diyos na ipinamamamalas ng isang pangkaraniwang Tao lang, hayan nga't, napagkilala niya noong oras na 'yun na hindi lang basta-basta tao 'yung magpapapunta nung lahat ng isda sa lambat, at alam niya 'yun dahil pinag-aralan niya, marami siyang nalalaman tungkol sa pangingisda, tapos magdamag pa siyang nagingisda at wala namang nahuhuli ni isa. Subalit narinig niyang May nagsalita, "Ihulog n'yo ang inyong lambat."

21 At nung unti-unti na niyang hinahatak 'yun, napakaraming isda ang nahuli niya, at napagtanto niyang isa nga siyang taong makasalanan. At ang sabi niya tuloy, "Lumayo Ka sa akin, Oh Panginoon, sapagkat ako'y taong makasalanan." Sino ang nagsabi nun? Si San Pedro, sa Presensya ng Diyos, hiniling niya sa Diyos na lumayo sa harapan niya, sapagkat napagkilala niya sa kanyang sarili na isa siyang makasalanan.

22 Maging si Abraham napagkilala niya ang kanyang sarili na "liko." Si Adan napagkilala niya ang kanyang sarili na "liko," haya't anak pa siya ng Diyos, napagkilala niya ang kanyang sarili na "liko." Si Moises napagkilala niya ang kanyang sarili na "liko." Maging ang Israel, bilang iglesya at bayan, kanilang napagkilala ang kanilang sarili na "liko." "Lumayo Ka sa akin, sapagkat ako'y taong makasalanan." Hindi nga niya sinabing, "Ngayon, ako'y banal at karapat-dapat na tumanggap nito." Ang sinabi niya, "Ako'y taong makasalanan."

23 Minsan isang nag-aangking tagapag-taguyod ng relihiyon, taglay-taglay ang lahat ng teolohiyang napag-aralan niya sa ilalim ng isang dakilang gurong nagngangalang Gamaliel, ang pangalan niya'y Saulo na taga-Tarso, na mas nakikilala natin bilang Pablo, relihiyoso kung relihiyoso talaga. Kabisado niya ang lahat ng pasikut-sikot ng kanilang relihiyon. Isa siyang Fariseo sa mga Fariseo, at isang Hebreo sa mga Hebreo. Isa siyang kilalang tao, isang iskolar, matalino, tuso, edukado, ang pakilala niya sa sarili'y nakikilala na niya ang Diyos buhat

sa pagkabata. Subalit isang araw sa kanyang daan patungong Damasco, nagliwanag yaong Haliging Apoy sa ibabaw niya at nasubasob siya. . .natumba siya sa kanyang mga paa, sa lupa, sa alikabok, at nagsabi, "Panginoon, anong nais Mong ipagawa sa akin?" Sa kabila ng lahat ng matitindi niyang pagsasanay, sa kabila ng lahat ng matitindi niyang pagsasanay sa teolohiya, sa kabila ng lahat ng edukasyong taglay-taglay niya haya't walang kabuluhan ang lahat ng 'yun noong tumayo na siya sa Presensya ng Diyos.

24 Nais kong huminto rito pansumandali at sabihing ganyan na ganyan nga ito ngayon. Maaaring mayroon ka nitong D.D., Ph.D., anuman 'yang narating mo, maaaring nagsisimba ka na buhat pa noong bata ka pa, maaaring ginawa mo nang lahat ng relihiyosong gawang magagawa, subalit kung paroroon ka sa Presensya ng Diyos mararamdaman mo ngang napakaliit mo lang pala at walang halaga.

25 Napagkilala ni Pablo na siya'y liko, at nasubasob siya sa lupa, noong mapasailalim siya sa presensya at Kapangyarihan. Noon ngang tumingala siya at nakita ang mismong Diyos na kanyang ipinangangaral, at. . .sinasalungat, at inaakalang kilala na niya, at nakitang mali pala siya, nasubasob siya sa kanyang mga paa, sa lupa, sapagkat naroon siya sa Presensya ng Diyos. Kitang-kita niya ang Haliging Apoy.

26 Hayan nga't ganyan na ganyan din ang dakilang San Juan sa Apocalipsis 1:7, noong ipakita sa kanya yaong pangitain, at napatingin, at narinig yaong Tinig na nangungusap sa kanya. At lumingon siya upang tingnan at para makita niya ang Tinig, at nakita niya yaong pitong kandelerong ginto. At may Isang nakatayo sa gitna ng pitong kandelerong ginto, na may buhok na gaya ng balahibong maputi ng tupa, mga matang gaya ng ningas ng apoy, mga paang gaya ng mga haliging tanso, Siya'y nabibigkisan ng pamigkis na ginto sa may dibdib, at tinatawag Siyang Salita ng Diyos. At noon nga'y nakapaglakad na ang dakilang San Juan kasama ni Cristo, at humilig pa sa Kanyang sinapupunan, nagkaroon nga siya ng pagkakataong gawin ang lahat ng mga bagay na ito! Kaya naman sinabi ko kaninang umaga, naging mas higit ang ministeryo ni Pablo sa alinman sa kanila. Hayan nga't, gayong nakapaglakad si Juan kasama ni Jesus noon, nakipag-usap sa Kanya noon, natulog ding kasama Niya, sumalo pa sa pagkain kasama Niya, subalit nung makita niya na nakatayo Siya roon, sa isang niluwalhating kalagayan, sabi niya'y nasubasob siyang waring patay sa Kanyang paanan. Amen. Isipin n'yo 'yun!

27 Marahil nakakasimba tayo at nangungusap at nagpupuri sa Diyos, at nagagawa ang lahat ng ito, ngunit, oh, kapatid, kapag nakita na natin Siyang dumarating, may kung anong bagay na magiging kakaiba sa ating mga puso! Marahil sa isip-isip natin tumutupad naman tayo sa mga tungkulin nating pangrelihiyon

sa pamamagitan ng pagsisimba at pagbibigay ng ating mga ikapu. Marahil iniisip nating tinutupad naman natin ang mga kautusan ng iglesya at saulong-saulo pa natin ang lahat ng mga kredo, subalit kung darating ang sandaling 'yun na itutuon na natin ang ating paningin sa Kanya, mababaligtad nang husto ang buo nating inaakala sa bagay na ito. Oo, tiyak 'yun.

28 Ang dakilang lalaking 'yun, si San Juan, isang dakilang lalaki naman talaga, sinabi dun ng Biblia sa Apocalipsis 1:7, na "nasubasob siyang waring patay." Tatlo at kalahating taon niyang kasa-kasama si Cristo, naging isa sa mga manunulat ng mga Sulat, sinulat niya 'yun habang sumusunod siya sa Kanya, kumain siyang kasama Niya sa dulang, natulog kasama Niya sa papag, at sumama sa Kanya saan man ang Kanyang paroonan, subalit nang ibaling niya ang paningin niya sa Kanya, walang natirang buhay sa loob niya. Nasubasob siyang waring patay sa sahig, o sa lupa. Buweno.

29 Makikita natin si Isaias, dito sa Isaias 6:5, gaya ng binasa natin kani-kanina, ang dakila't makapangyarihang propetang ito, isa nga siya sa mga pinakadakilang propetang naroon sa Biblia. Animnapu't anim na Aklat ang Biblia; animnapu't anim na kabanata naman ang Isaias. Sinimulan ni Isaias sa Genesis, tinugaygay niya ang Bagong Tipan sa kalagitnaan ng Isaias, sa dulo naman ng Isaias ay tinugaygay niya ang Milenyum; hayan nga't lapat na lapat sa Genesis, Bagong Tipan, at Apocalipsis. Lapat na lapat! Si Isaias ay isa sa mga pangunahing propeta. Subalit isang araw hayan nga't malimit siyang nakahilig sa bisig ni Uzzias na dakilang hari, kinuha na sa kanya noon si Uzzias, at siya ay lubhang nalungkot. Napakabuti niyang tao, isa siyang mabuti't matuwid na tao, hayan nga't kinilala siya nitong matuwid na hari (na isang mabuting hari) bilang isang taong banal at pinanatili siya sa kanyang templo.

30 Nakakakita ng mga pangitain si Isaias. Isa siyang propeta. Nagpangaral ng Salita si Isaias. Isa siyang ministro. Isang taong banal si Isaias. Subalit isang araw, habang nakatayo siya noon sa templo, nawalan siya ng diwa at nakita niya ang Kaluwalhatian ng Diyos. Nakita niya ang mga Anghel na may mga pakpak na nagsisitakip sa Kanilang mukha, mga pakpak na nagsisitakip sa Kanilang mga paa, nagsisilipad gamit ang mga pakpak, sumisigaw, "Banal, banal, banal ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat!"

31 Napagtanto ng propetang 'yun na wala siyang kabuluhan. Sabi niya, "Sa aba ko, sapagkat ako'y lalaking may maruming mga labi." Isang propeta, isa sa pinakamakapangyarihang propeta ng Biblia, isa sa kanila. "Ako'y lalaking may maruming mga labi, at ako'y tumatahan sa gitna ng bayan ng maruming mga labi. Sa aba ko, sapagkat nakikita ko ang Kaluwalhatian ng Diyos."

32 At sinabi niya, noong sumigaw ang Anghel na iyon, "ang patibayan ng templo ay nakilos." Kapatid, kung ikaw 'yun. . . Hayan nga't hindi lang kikilos ang patibayan ng templo, kundi ang buong kalangitan at lupa ay makikilos sa pagparito Niyang muli. Tatakas ang mga bundok, at mapapawi ang dagat, at may sisigaw, "Kami'y inyong itago sa mukha noong nakaupo sa Luklukan." Magiging katakut-takot na panahon iyon. Sinasabi ko sa iyo, kaibigang makasalanan, nararapat ngang siyasatin mo na ang iyong sarili. Siyanga.

33 Ngayon, sabi ni Isaias, "Sa aba ko, ako'y lalaking may maruming mga labi, at ako'y tumatahan sa gitna ng maruming bayan. Hayan nga ako't, ang bayang ito ay may maruming mga labi."

34 Ngayon pagkaisipin n'yo, kung napagkikilala ng mga banal na lalaking iyon ang mga sarili nila na "mga makasalanan" sa Presensya ng Diyos, ano kayang gagawin ng makasalanan at masama sa Araw na 'yun? Ano kayang gagawin ng mga taong nauupo sa loob ng mga pagtitipon? Ano kayang gagawin ng mga taong nakakita na sa Kapangyarihan ng Diyos, nakarinig sa paubos na pagbibilang ng Salita, nakasaksi na ang Diyos ay ipinamalas ang Kanyang Sarili, at (di mapasusubaliang) ang bawat Kasulatan ay natupad na, pero pinipilit na makapasok sa Langit nang di man lang naipanganak na muli at natanggap ang Espiritu Santo? Sinabi nga ng Biblia, "Kung ang taong matuwid ay bahagya nang makaliligtas, ang makasalanan at masama ay saan kaya magsisiharap?" Saan kaya natin ilulugar ang sarili natin kung makita nating ipinakikilala na ng Diyos ang Kanyang Sarili sa mismong harapan natin, at makita ang Kaluwalhatian ng Diyos gaya nung kung papaanong nakita ng mga lalaking matutuwid doon, at magsisiiyak ang mga lalaking 'yun, mga propeta at mga matutuwid na ang buhay ay naka-ayon sa Salita? Kung nagawa nilang umiyak, at masubasob sa kanilang mga paa, at sumigaw, "Ako'y lalaking may maruming mga labi, puno ng karumihan," ano naman kaya ang magiging estado ng isang tao na ayaw man lang ipahayag ang kanyang mga pagkakasala? Ano kayang naghihintay sa isang kabataang ayaw ipahayag man lang ang kani-kanilang kasalanan? Ano kayang mangyayari dun sa isang taong matigas ang puso na sa kanyang isip ay mas marami pa siyang nalalaman tungkol sa paglikha ng Diyos kaysa sa Diyos Mismo? Anong mangyayari sa isang tao na ginugol niya ang lahat ng kanyang buhay para pamalian lang ang Biblia? Saan kaya lulugar ang lalaking gaya nun? Isipin n'yo iyon!

35 Isa itong pagi-ebanghelyo. Ito na ang oras para yanigin ang mga tao. Ito na 'yung oras na sinabi ng Diyos na darating ang panahon, pinayanig Niya minsan ang Bundok ng Sinai pero magkakaroon uli ng isang pagyanig, na Kanya ngang "minsan pang yayanigin hindi lamang ang Bundok ng Sinai, kundi Kanyang yayanigin ang lahat ng mga bagay na magagalaw."

Subalit napansin n'yo ba ang sabi sa sumunod pang Kasulatan? "Subalit tatanggap tayo ng isang Kahariang di magagalaw!" Hallelujah! Ang lahat ng magagalaw ay mayayanig. Mayayanig ang kalangitan. Mayayanig ang lupa. "Ang kalangitan at lupa ay lilipas, datapwat ang Salitang iyon ay di kailanman lilipas. Sapagkat sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng hades ay hindi magsisipanaig laban sa Kanya." Ang lahat ng magagalaw ay mayayanig. Subalit tumanggap tayo ng isang Kaharian na siyang Salita ng Diyos Mismo, at ang Diyos ay ang Kanyang Salita. Hindi Niya yayanigin ang Kanyang Sarili. Amen! Oh, ang ganda! "Subalit tatanggap tayo ng isang Kahariang hindi magagalaw," hindi ito magagalaw, sabi ni Pablo na isang manunulat na Hebreo.

36 Isang napakadakilang tao at isang napakadakilang lalaki, napakadakilang panahon at dakila nga talaga ang nadama nila noon! Tayo rin naman, sa ating mga sarili, nakita natin ang Kaluwalhatian ng Diyos gaya ng pagkakita ng mga lalaking ito. Siyanga. Nakita talaga natin Ito. Nakita rin naman natin ang Kaluwalhatian ng Diyos na gaya ng pagkakita Rito ni Abraham. Nakita natin ang Kaluwalhatian ng Diyos na gaya ng pagkakita Rito ni Moises, sa siya ring Haliging Apoy, sa siya ring Kapangyarihan ng Diyos, sa siya ring Cristong nag-... nagpahayag ng Kanyang Sarili, nagpakita ng Kanyang Sarili, nagbibigay ng katuparan sa Kanyang mga Salita sa huling araw. Papaano nga natin magagawa kung gayon, na lumakad na lang na para bang wala Itong kabuluhan? Papaano natin magagawang lumakad na lang at ang panghawakan ay ang ating mga kredo at mga denominasyon, at ang Salita ng Diyos ay di man lang natin kayang tanggapin? Anong mangyayari sa atin sa Araw na iyon? Papaano na tayo sa panahon na 'yun, kapag atin nang masaksihan ang Kaluwalhatian ng Diyos?

37 Tatayo sa isang gilid ang ilan at pupulaan Ito, tatawanan Ito ng ilan, tatawagin Itong kapanatikuhan, tatawagin Itong pagbabasa ng isip, tatawagin Itong Beelzebub, babansagan Ito ng kung anu-ano ng ilang tao. Gaya nga ng sinasabi sa isang lumang kasabihan, "Mapusok na tatahakin ng mga mangmang ang pinangingilagan ng mga Anghel na lakaran." Siyanga. "Ang mangmang ay nagsabi sa kanyang puso, 'Walang Diyos.'" Gayong nakikita naman niya ang Diyos nang ganap na hayag sa Kanyang Sariling Salita (hindi sa pamamagitan ng kredo; kundi sa Kanyang Salita), at pagkatapos yuyurak-yurakan Ito at lilibakin Ito, isa talaga siyang mangmang. Sapagkat, hayan nga't, ang Diyos ay ang Salita, at inihayag na ng Diyos ang Kanyang Sarili sa kanya, pero isa siyang "mangmang," sabi ng Biblia. Ano kayang kahihinatnan niya kapag kailangan na niyang tumayo sa dakong 'yun? Magiging—magiging kahindik-hindik talaga 'yun para sa taong 'yun sa Araw na 'yun, para sa masasama.

38 Subalit ang mga makasalanang nagsisi, hayan nga't, hindi nila kailangang matakot pa. Oh, hindi na. Ang makasalanang magsisisisi, alam niyang may isang duguang Haing naghihintay, upang humalili sa kanyang lugar. Iyan ang nagbibigay sa akin ng kaaliwan. Nakita ko na ang Kaluwalhatian ng Diyos. Nadama ko na ang Kanyang kapangyarihan. Alam ko ang paghipo ng Kanyang kamay. Alam ko ang paghipo ng Kanyang pagtutuwid. Alam kong Siya ang Diyos. Alam kong ako ang dapat na mapahamak, subalit may Isang tatayo roon para sa akin. Amen. May Isang tatayo roon na magsasabi, "Ama, ilagay mo ang lahat niyang kasalanan sa Akin, sapagkat nanindigan siya para sa Akin doon sa lupa." Hallelujah! At pagkatapos makalalakad ako patungo sa Luklukan ng Diyos, nang walang pangamba, taglay-taglay ang biyaya sa puso ko, dahil nalaman kong hindi nga sa pamamagitan ng mabubuting gawa, kundi sa Kanyang awa ako'y naligtas. Hindi kung anong kaya kong gawin, kung anong aniban ko, kung anong sabihin ko; kundi ito'y sa pamamagitan ng Kanyang biyaya at iniligtas Niya ako.

39 Kaya naman 'yung makatang nakaunawa nun, napasigaw siya, "Kamangha-manghang biyaya, napakasarap sa tainga, na ang tulad kong kapus-palad ay ligtas kahit di karapat-dapat. Ligaw man ako noon sa daan, subalit ngayon ay nasumpungan; dating pinid ang mga mata, subalit ngayon ay nakakakita."

40 Papaano kaya ako makapupunta sa Langit? Papaano kaya kayo makapupunta sa Langit? Hindi natin kaya 'yun, sa sarili natin, at walang paraan para magawa natin ang bagay na 'yan. Subalit may Isa na gumawa ng daan. At Siya ang Daan. At papaano tayo paroroon sa Kanya? Sa isang Espiritu, sa Kanyang Espiritu, nabautismuhan tayo sa isang Katawan na babangunin patungong kalawakan. Lalabas tayo ng mundong ito gaya ng mga astronaut ng huling panahon sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos. Amen. Hayan nga. Hindi na kailangang mag-alala pa ng mga makasalanang nagsisi na, may Isang naroon na at tatayo para sa kanila.

41 Oh, kaya naman pagkatapos nating makalapit sa Kanyang Presensya ngayon, at alam nating nakalapit tayo sa Kanyang Presensya, nasaksihan natin Siyang gumawa ng mga bagay na ginawa Niya noong naririto pa Siya sa lupa. Papaano n'yo malalaman . . . Papaano n'yo masisiguro ang puno ng ubas kung titingnan n'yo ito? Sa pamamagitan ng ipinamumunga nitong bunga. Papaano n'yo masisiguro ang iglesyang dinadaluhan n'yo? Sa pamamagitan ng ipinamumunga nitong bunga. Sinabi ni Jesus, "Ang sa Akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginagawa. Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya."

42 Ngayon, naunawaan nating hindi Niya tayo kailanman itinalaga upang bumuo ng mga denominasyon. Hindi Niya tayo kailanman itinalaga na humayo't gumawa-gawa ng mga kredo.

Hayan nga't binalaan pa nga Niya tayo laban dito. "Sapagkat ang sinumang mag-aalis ng anuman mula Dito o magdadagdag ng anuman Dito, ay aalisin din naman, ang kanilang bahagi, sa Aklat ng Buhay." Kita n'yo?

43 Hayan nga't, hindi tayo itinalaga para gumawa ng kung anu-ano kundi manatili sa Salita. At kung tunay ngang isinugo ng Diyos ang isang tao, mananatili ang taong 'yun sa Salita, sapagkat magsusugo lamang ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Kita n'yo? Kita n'yo, mananatili talaga Siya sa Kanyang Salita. Kaya naman sa pagpasok natin sa Kanyang Presensya, kapag pumasok ang isang tao sa Presensya ng Diyos, mababago siya magpakailanman, kung magpapabago siya. Ngayon, mayroon din namang mga lumalapit sa Presensya ng Diyos pero hindi Ito binibigyang halaga. Hindi itinakda ang taong 'yun sa Buhay. Dahil kung itinalaga nga siya ng Diyos nang una pa, pagkatama na pagkatama ng unang pagkilos, ay makikilala niya 'yun. Mag-aalab 'yun.

44 Tingnan n'yo 'yung hamak na patutot doon noong araw na 'yun sa Samaria, ang babaing 'yun. Napakasama ng kalagayan niya sa mental at pisikal na aspeto. Alam natin 'yun. Subalit pagkakita na pagkakita niyang ipinangyari ang tandang iyon, ng Mesiyas, sinabi niya, "Alam naming darating ang Mesiyas upang gawin ito. Ikaw marahil ay Kanyang propeta."

Kanyang sinabi, "Ako ang Mesiyas na iyon na isinulat na darating."

45 Nakilala 'yun nung babae. Hindi na siya nagtanung-tanong pa. Humayo siya kaagad-agad taglay ang pananagutan na 'yun, na pagkatapos niyang masumpungan 'yun at makapasok sa Presensya ng Diyos, ay may pananagutan siyang sabihin sa iba ang tungkol dun. Hallelujah! Ganoon nga. Ang sinumang taong pumapasok sa Presensya ng Diyos ay may pananagutan sa harapan ng Diyos, mula sa sandaling 'yun, na ipagsabi ang tungkol dun sa iba. Tingnan n'yo si Abraham, tingnan n'yo si Moises, tingnan n'yo si Pedro, tingnan n'yo si Pablo. Sa sandaling 'yun na nakapasok sila sa Presensya ng Diyos, napagkilala nila ang kanilang mga sarili na "makasalanan," at tinatakan ang kanilang patotoo ng kanilang pamumuhay. Tingnan n'yo 'yung hamak na babae, hindi siya nagpatumpik-tumpik, nagtungo siya sa bayan at sinabi 'yun sa kalalakihan, "Halikayo, tingnan ninyo ang Lalaking nagsabi sa akin ng mga bagay na ginawa ko. Hindi ba't ito ang Mesiyas?" Hindi nila mapasusubalian Ito, sapagkat batay Ito sa Kasulatan. Tunay. Oo, kailangan nga nilang gawin 'yun, sinuman, kapag tayo'y nabigyan ng pananagutan na sabihin 'yun sa iba gaya ng ginawa ni Moises, gaya ng ginawa ni Pedro, gaya ng ginawa ni Pablo. Pagkatapos nga, na makita n'yo Ito at makapasok sa Kanyang Presensya, may pananagutan kayo na dalhin naman

ang Mensahe sa iba. Sadyang hindi kayo maaaring paupo-upo na lang Dito. Kailangan n'yo Itong dalhin sa iba.

46 Naaalala ko ang isang matandang kapatid na babae na laging dumadalo rito noon, ang nanay ni Kapatid na Graham Snelling, lagi siya rito sa simbahan, at may awit siya, "Sadyang di ko mapigilang humayo! Ako'y tatakbo, tatakbo, tatakbo, at sadyang di ko mapigilang humayo at ako'y di lang uupo-upo." May bagay kasi siyang nasumpungan. Naparoon ako noon sa isang maliit na simbahan ng mga kapatid nating itim dito sa Louisville, at lahat sila'y nakatayo talaga noon, habang awit-awit, "Ako'y tatakbo sa Lansangan ng Hari, nasumpungan ko Ito, at tahak-tahak na ang Lansangan!"

47 May kung anong bagay kasi rito, na kapag nasumpungan mo na si Cristo, hindi ka mapapakali. Sa nalalabi mong araw ay isa ka nang binagong tao, dahil kapag ang buhay at Buhay ay nagtagpo, magbubunsod ito ng nagliliwanag na Ilaw. Tunay nga. Kapag ikinonekta ang bombilya sa kawad, kung maayos na bombilya ang gamit, siguradong magbibigay 'yun ng ilaw; kapag nagtagpo ang kuryente at bombilya, wala nang maaari pang mangyari kundi babalot sa paligid ang liwanag. Tiyak na gagawin nito 'yun. At kapag ang isang lalaki o isang babae ay itinakda na nang una pa lang sa Buhay na Walang Hanggan, at masaksihan nilang ang kuryente ng Diyos ay kinakatagpo na ang bombilyang 'yun, babalutin nito ng Liwanag ang alinmang dako na marating nito. Siguro'y wala pang sampung watt ang kaya mong ibigay, pero babalutin at babalutin mo pa rin ang paligid ng kung anumang Ilaw na kakayanin mo. Kung hindi ka yaong may kakayahang magbigay ng limang daang watt na ilaw, ibigay mo ang sampung watt na Liwanag mo. Ibahagi mo ang Ilaw mo! "Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao, upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa Langit." Siyanga, po.

48 Kapag nakakatagpo ng isang tao ang Diyos, napagkikilala niya ang kanyang sarili na "walang halaga." Papaano ngang ang isang tao'y makalalakad at magyayabang tungkol sa kung gaano siya kadakila at kung anu-anong lahat ang nagawa niya, gayong wala naman siyang halaga? Wala siyang halaga kung tutuusin. Noong araw doon sa Memphis, Tennessee, o sa . . . sa palagay ko'y hindi sa Memphis. Basta sa isang lugar. Kasama ko noon si Kapatid na Davis at nagdaraos kami ng isang—isang rebaybal. Memphis nga siguro. At kami'y, nagpunta sa isang koliseo, at mayroon sila roong, hindi pala koliseo, parang isang tanghalan ng mga likhang-sining, at mayroon sila roong mga—mga malalaking estatwa na galing pa sa iba't ibang bahagi ng mundo, sari-sari 'yun, may Hercules at kung anu-ano pa, at mga larawang-pinta ng mga tanyag na pintor. At mayroon nga rin silang pagsusuri patungkol sa isang lalaking tumitimbang ng isang daan at limampung libra. Alam n'yo ba kung ano,

kung ano ang halaga nung lalaking 'yun? Walumpu't apat na sentimo. Ganoon lang kamura. Walumpu't apat na sentimo lang ang halaga ng lahat—lahat ng kemikal na makukuha mo sa kanya. Kasing halaga lang ng kalburong ibinubudbod sa pugad ng manok, at kaunting-kaunti lang pala siya, kaunting calcium, kaunting potash lang. Nagkakahalaga lang ang lahat ng 'yun ng walumpu't apat na sentimo. Hayan nga't pinag-aaksayahan natin ng panahon ang walumpu't apat na sentimong 'yan at pinamimihasa pa.

49 May dalawang binatilyong nakatayo roon, at napatingin 'yung isa sa isa pa, sabi, "Jim, hindi pala kalakihan ang halaga natin ano?"

Sabi niya, "Ganoon, na nga, John."

50 Sabi ko, "Pero sandali lang, mga iho, may kaluluwa kayo riyan sa loob na nagkakahalaga ng sampung libong mundo, na natubos, matutubos ng kapangyarihan ng Diyos, kung kayo'y makapagpapasya lamang na pahintulutan 'yun."

51 Ang tao, kapag nasaksihan niya ang mga bagay na ito, may pananagutan siyang sabihin ito sa iba. Nasaksihan ko ito nung isa pa lamang akong batang paslit. Ginugol ko mula noon ang buong buhay ko rito. Nalulungkot lang ako't may isang buhay lang ako, kung puwede lang sanang may sampung libo ako. Kung may Walang Hanggan ako para riyan, ikagagalak kong gugulin 'yun para ipagsabi ito sa mga tao, 'pagkat ito na talaga ang pinakadakilang bagay na nasumpungan ko kailanman. Kung babasahin n'yo sa Ezekiel 33, sa ika-33 kabanata ng Ezekiel, may bantay roon na pinagbabantay sa isang tore, at hayan nga't pananagutan ng bantay na ito ang buong bayan. Amen. Ngayon, kaya gumising na, gisingin n'yo na ang inyong sarili sa inyong espirituwal na kamalayan pansumandali, sa aking pagtugaygay sa Kasulatang ito. Ang bantay ngang iyon ay kailangang dumaan sa matinding pagsasanay. Alam niya dapat ang kanyang ginagawa, na kahit gaano pa mang kalayo, saan man manggaling, ang kaaway, matutunton niya. Masasabi niya kung papalapit na sila, masasabi niya na hayan na 'yung mga bandera nila, masasabi niya ang bilang at kakayahan nila. Yung hindi na kayang tanawin ng pangkaraniwang tao, ay matatanaw pa rin niya. Hayan nga't mas angat siya kaysa sa iba, sapagkat sinanay siyang maigi para makilala ang kaaway. At pananagutan niya sa Diyos ang buong bayan. "Bantay, anong nangyari sa gabi?" Hallelujah!

52 Ganyan nga ang mga sundalo ng Diyos sa panahon ngayon. Sinanay silang maigi sa Salita. Kapag may lilitaw na para bang kumikinang-kinang pa, na isa namang bagay na wala roon sa Kasulatan, babalaan nila ang kongregasyon. Anumang wala sa Biblia, anumang hindi—hindi sa Diyos, gaya ng pagkakaroon ng mga pang-sosyalang hapunan, mga sayawan, at lahat na ng kung

anu-ano pa, para makalikom ng ipambabayad sa pastor. Maling-mali ang mga ’yan. Mga paglalaro ng dais at baraha sa loob ng simbahan, mali ’yan! At ang tunay na bantay na itinalaga sa mataas na kuta, na minsan nang pumaroon sa Presensya ng Diyos. . . Kung ang isang ito’y wala sa puwesto niya sa mataas na kuta, gayong dapat siyang pumuwesto sa mataas na kuta, maaaring kasing taas na lang ng kongregasyon ang tanaw ng kuta. Subalit kung siya ay tunay na bantay, iniaangat siya ng Diyos hanggang dun sa kalangitan na hindi na mapupuntahan ng iba pa sa kanila. At doon nga’y binabantayan niyang maigi ang kawan, at pananagutan niya ito sa Diyos! Ang tao ng Diyos na nakatayo sa Presensya ng Diyos, at nalalamang ang Diyos ay Diyos, at nalalamang tinutupad ng Diyos ang Kanyang Salita, at minamasdan ang Diyos na ipinamamalas ang Kanyang Sarili at ginagawa ang Kanyang tungkulin at tinutupad ang Kanyang Salita, kung magkagayon kahit na gaano pang karaming organisayon o denominasyon ang magsusubok na wasakin Ito, alam niya ang bilang at kakayahan ng kalaban. Amen. Alam niya kung anong sasabihin sa kongregasyon, itong tunay na bantay na ito.

53 Kung ipinahayag na natin na dahil sa Kanya, nakaparoon na tayo sa Kanyang Presensya at ipinahayag na natin ang ating mga pagkakasala, papawiin na ang mga ito sa aklat ng Kanyang alaala. Walang sinuman ang may kakayahang gawin ito kundi ang Diyos lang. Ngayon, maaari ngang makagawa ka sa akin ng anumang bagay, mapapatawad kita, pero maaalala ko ang nagawa mo. Kung makagagawa ako ng anuman sa inyo, patatawarin n’yo ako, pero maaalala n’yo pa rin ’yung ginawa ko. Subalit may kakayahan ang Diyos na magpatawad at kumalimot. Isipin n’yo ’yun, “hindi na kailanman aalalahanin ito!” Amen. Ang gaan talaga sa pakiramdam ang malaman ’yan. Na hindi na ito aalalahanin pa, walang makagagawa nun kundi ang Diyos lang. Walang makagagawa nun kundi ang Diyos lang talaga. Ang sabi Niya’y papawiin Niya ’yun sa Kanyang aklat ng alaala. Hindi ko kayang gawin ’yun, hindi n’yo kayang gawin ’yun, dahil napaka limitado lang ng kaya nating gawin. Subalit Siya’y di malilimitahang, Diyos, may kakayahan Siyang ganap na kalimutan na nagawa ito. Amen.

54 Isang dalagita buhat sa isang simbahan sa probinsiya, ang ama nga niya’y makaluma, malakas ang boses na mangangaral, o miyembro sa iglesya. At noong lumipat ’yung dalagita sa siyudad, nakihalubilo siya sa mga kababaihan doon, at kumilos na tuloy siyang gaya ng kinikilos nila, at sunod na rin siya sa mga uso. At isang araw para bang nahihiya siya’t bibisita kasi ang tatay at nanay niya, o tatay lang, pala, dahil wala na pala siyang nanay. Pagkatapos ’yung matandang lalaki, tutal wala naman siyang ibang gagawin, babangon sa umaga, kakain ng agahan at kukunin ang Biblia at babasahin Iyon, at hahagulgol

at mananalangin at sisigaw buong araw, at tatakbong paroo't parito sa may silid, at medyo nahihiya na 'yung dalagita dahil ganoon nga. Pagkatapos kahit—kahit dis oras na ng gabi, kapag nahahawakan nung tatay 'yung Biblia, tapos babasahin Iyon, babangon siya sa higaan, at sisigaw, "Luwalhatiin ang Diyos! Hallelujah! Oh, luwalhatiin ang Diyos!" Magpapapadyak pa siya't hahagulgol ng kalahating gabi.

55 Tapos isang araw 'yung dalagita'y may mga inaasahang panauhing darating na mga kasamahan niya sa dinadaluhang simbahan para sa isang munting salu-salo gaya ng lagi nilang ginagawa, alam n'yo, kaya hindi niya tuloy malaman kung ano ang gagawin niya sa tatay niya. Paano nga ba, tatay pa naman niya 'yun. Kaya napagpasyahan na lang niyang papuntahin ang tatay niya dun sa may attic, at sabi niya, "Tatay, hindi mo naman po siguro gustong makihalubilo rito sa may ibaba sa mga kababaihan, di po ba?"

Sabi, "Hindi nga, sa palagay ko'y hindi na kailangan."

56 Sabi nung dalagita, "Buweno, may mga inaasahan po kasi akong mga panauhin na mga kababaihan sa simbahan ngayong araw, at magkakaroon kami rito ng munting pagtitipon, isang pagtitipon para sa pananalangin. Kaya siguro—siguro, tatay, mas mabuti pa sigurong doon po muna kayo sa may attic?"

Sabi, "Sige sa palagay ko'y mabuti pang doon na lang ako."

57 Tapos sabi nung dalagita, "Heto po ang isang magandang aklat na puwede n'yo pong basa-basahin." Tapos inabot nung dalagita sa tatay niya 'yung heograpiya. Kinuha nung dalagita 'yung Biblia ng tatay niya para manahimik siya. Alam na alam kasi nung dalagita na kapag Biblia ang babasahin nung tatay niya, naku, mag-iingay lang 'yun sa itaas. Kaya hayan na nga't naroon 'yung tatay sa may itaas, alam n'yo, tapat lang nung kung saan sila nagsasalu-salo sa ibaba. Binigyan nung dalagita 'yung tatay niya ng heograpiya, sabi, "Maganda ito. Basahin n'yo po ito, tatay, kasi lahat ng katotohanang gusto n'yong malaman tungkol sa mundo'y nandito mismo."

Buweno, sabi, "Sige babasahin ko 'yan."

58 Tapos sabi niya, "Sige na ho umakyat na po kayo sa itaas at huwag po kayong mag-iingay hanggang sa mag-uwian ang mga kababaihan, at pagkatapos . . . puwede na po kayong bumaba uli at gawin anuman ang gusto n'yo." Sumang-ayon naman 'yung tatay. Kaya pumanhik na siya sa itaas, at naupo na.

59 At nagsalu-salo na sila, alam n'yo, usap-usap tungkol sa *ganito-at-ganoon*, at alam n'yo na siguro 'yun, nagkakasiyahan sila roon. At bigla na lang may kumalabog sa itaas, nagsisisigaw at nagtatatalon pa, at nabakbak na 'yung palitada ng kisame. Yung matandang lalaki sa itaas ay nagtatatakbo nang pabalik-balik sa may attic at di magkandamayaw, nagtatatalon taas-baba, at sumisigaw, "Luwalhatiin ang Diyos! Luwalhatiin ang

Diyos!" Hindi malaman nung mga kababaihan kung ano nang nangyari roon, kung ano bang mayroon sa itaas. Tapos direderetso siya sa may hagdan pababa, para bang sabik na sabik.

Sabi nung dalagita, "Tatay, binigyan po kita ng heograpiya para basahin diba."

60 Sabi, "Oo, alam ko. Alam mo ba," sabi, "binabasa ko itong heograpiya rito at sabi may mga lugar sa dagat na walang ilalim." At sabi, "Nabasa ko kasi rito sa Biblia kahapon, sinabi Niyang inilagay Niya ang aking mga kasalanan sa 'dagat ng pagkalimot.' Luwalhatiin ang Diyos! . . .?. . . " Sabi, "Tuluy-tuloy. Wala silang kailaliman, basta tuluy-tuloy lang." Hayan nga. At pinagsisigawan niya ang tungkol doon. Buweno, tama 'yun.

61 Inilalagay ng Diyos ang ating mga kasalanan sa dagat ng pagkalimot, pinapawi ang mga 'yun, at ang mga 'yun ay tila ba hindi nangyari. Oh, grabe! Kung magkagayon ay nakatatayo na tayo sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, kay Jesus Cristo na ating Panginoon, dalisay at banal, na sadyang kasing banal Niya, sapagkat hindi na ako ang nakikita Niya sa paglapit ko roon, ang nakikita Niya'y Kanyang Sariling Anak. Nakikita Niya ako sa pamamagitan na ng. . .Hindi na ako ang nakikita, dahil ako'y nasa Anak Niya. At tanging Anak lamang Niya ang Kanyang nakikita. Hindi ba't kahanga-hanga 'yun? Hindi na natin kailangang alalahanin pa ang tungkol sa mga kasalanan, wala na kasi itong lahat, nasa ilalim na ito ng Dugo. Siyanga, po. Hindi na natin kailangan pang problemahin ang tungkol dito, wala na kasi itong lahat, at wala na sa alaala ng Diyos. Hindi na Niya ito inaalala pa.

62 Si Isaias, ang dakilang propetang 'yun, noong ipinahayag niya ang kanyang mga kasalanan, ang sabi niya, "Sa aba ko, sapagkat ako'y lalaking may maruming mga labi." Isang propeta! "Ako'y lalaking may maruming mga labi, at ang aking kongregasyon ay may maruming labi." Kita n'yo? "Ang mga taong pinangangaralan ko, marurumi sila. Ako'y marumi. At sa aba ko. Hayan nga't bumababa ang isang grupo ng mga Anghel mula sa Kaluwalhatian ng Diyos, hinahawi ang—ang mga ulap, at tumingala ako roon at nakita ang Kanyang kaluwalhatian na pinupuno ang buong Kalangitan. At pinagmasdan ko ang mga Anghel na 'yun na di man lang nalalaman kung ano ang kasalanan. Ni hindi nila nalalaman kung ano ang kasalanan, at doon, sa Presensya ng Diyos, nagsisitakip sila ng dalawang pakpak sa kanilang mga mukha, nagsisitakip sila ng dalawang pakpak sa kanilang mga paa, at nagsisilipad sila gamit ang dalawang pakpak, at sumisigaw sila araw at gabi, 'Banal, banal, banal ang Panginoong Diyos.'" Whew. Mararamdaman mo talagang napakarumi mo dahil diyan, diba? Ngayon, anong ginawa niya? Sabi niya, "Sa aba ko."

63 At noong ipinahayag niya ang kanyang mga kasalanan at nagsabi “sa aba ko,” nagpunta ang Anghel at kinuha ang mga pang-ipit, kumuha ng naglalagablab na baga na kumakatawan sa Banal na Espiritu at Apoy, at lumapit at hinipo niya sa mga labi ng propeta, at nagsabi, “Nilinis na Kita.” At hinawi nung mga pakpak, hinawi ’yung mga tabing ng panahon, at narinig niya ang Diyos na nagsabi, “Sinong yayaon sa ganang amin?”

64 Hayan nga’t matapos niyang malaman na may paraan pala para mapawi ang kasalanan, ninais ng Diyos na may yumaon sa ganang Kanya, at kaya sinabi niya, “Narito ako, suguin Mo ako.” Pumaroon siya sa Presensya ng Diyos, at ipinahayag ang kanyang mga kasalanan, at nilinis sa kanyang mga kasalanan, at nahahanda na siya para sa paglilingkod. Amen.

65 Gaya nung makatang nakaunawa nun, ang sabi, “Milyun-milyong lugmok sa sala’t kahihiyan ang nagsisipanaw, inyong pakinggan ang kanilang pananaghoy na mapait at mapanglaw. Magmadali ka, kapatid, magmadali kang sila’y iligtas mo; agad kang tumugon, ‘Panginoon, narito ako.’”

66 Sa tuwing naiisip ko ang Aprika, ang India, at ang buong mundo, milyun-milyong mga pagano ang sumisigaw at umiiyak para sila’y kahabagan, at sinong puwedeng humayo dun? Hindi ’yung basta-basta na lang mag-aabot ng maliliit na babasahin, kundi dalhin talaga si Jesus Cristo sa kanila. Isang tao na nasa Kanyang Presensya, katulad ni Moises, ang kailangang humayo dun at ipakikita sa kanila ang tunay na pagliligtas. Hindi ’yung paaanibin sila sa iglesya, o makikipagkamay at magtuturo ng kredo, kundi maghahatid ng pagliligtas sa kanilang kaluluwa; kailangan nga ng isang mabuting taong banal. Oo, maging si Isaias ay ipinahayag niya ang kanyang mga kasalanan at siya’y nilinis.

67 Matapos ngang makipagbuno ni Jacob buong magdamag, noong inihahayag niya ang kanyang mga kasalanan, naaalala n’yo pa ba ang lugar kung nasaan siya noon? Tinawag ’yung Peniel, P-e-n-i-t-e-l, Peniel. Ang salitang *Peniel*, sa Hebreo, ang ibig sabihin ay “ang mukha ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat.” Si Jacob, ang munting mandaraya, namuhay siya na nagtatago sa buong. . .ang pangalan niya ay *Jacob*, na ang ibig sabihin ay “mang-aagaw,” isang manlilinlang, buong buhay siyang nagtatago, palayo sa Diyos, subalit noong mapunta siya sa Presensya ng Diyos nung isang beses sa Peniel, nakaharap nang mukhaan ang Diyos, kumapit siya nang husto sa Diyos at ayaw na niya Siyang pakawalan pa. Diyos, kailangan namin ng maraming mga Jacob. Kumapit siyang maigi nung makaharap niya nang mukhaan ang Diyos, sa Presensya ng Diyos, hindi talaga siya bumitiw hanggang sa magbukang-liwayway. Sinabi ng Diyos, “Bitiwan mo Ako, sapagkat sumisikat na ang araw.” At hindi siya bumitiw sa kanyang pagharap nang mukhaan sa

Diyos hanggang magbukang-liwayway na, hayan nga't humayo siya pagkatapos na inaring-ganap at ligtas. Huh.

68 Oh, napakadakilang bagay nga nun, ngayon, na isipin ang pakikipagbunong pinagdaanan niya. Hayan nga't, naging saksi siya sa mga tanda ng Diyos, nagkaroon siya ng mga panaginip tungkol sa Diyos, ngunit doon nga sa pagkakataong 'yun siya humarap nang talagang mukhaan sa Diyos, sa Presensya ng Diyos. Isipin n'yo 'yun, mga kaibigan. Ngayon, habang binibilisan na natin ito. Sa Presensya ng Diyos, nababago ang isang tao. Nabago nga noon si Jacob. Sa oras ngang 'yun ay nakapaglalakad na siyang kasama ang Diyos. Oo, ibang-iba na siya kumpara sa kung ano siya noong magtungo siya roon. Tapos na ang pakikipagbaka. Siyanga, po. At nagsimula na siyang magtayo ng isang dambana. Hindi nga siya sanay na magtayo ng mga dambana, alam n'yo. Ngunit, sinasabi ko nga sa inyo, kapag nakaparoon kayo sa Presensya ng Diyos, nanaisin n'yo ngang magtayo talaga ng isang dambana kung saanman 'yan. Nais n'yong makahanap ng isang dako kung saan maaari kayong makapanalangin. Nagtayo nga siya roon ng dambana. Nilinis na siya, at nanaig ang Diyos.

69 At si Jacob ay binago mula *Jacob*, "mang-aagaw," naging *Israel*, "isang prinsipe, nakipagpunyagi sa Diyos." Ganoon ang nangyari kay Jacob. Ang mang-aagaw, ang mandaraya, ang di matuwid, ang masama, ang manlilinlang, dinaya niya ang kuya niya, ninakaw ang pagkapanganay, gaya nga ng nangyari, mula sa kuya niya, sa pamamagitan ng panlilinlang, napakatuso talaga. Nilinlang niya pati kanyang biyenang lalaki. Nagtusok siya ng mga sanga ng alamo at nagkaroon siya tuloy ng mga guyang may batik, noong ang mga inahing baka na naglilihi ay nagsisipunta roon, pinagmamasdan 'yun, at gayundin ang mga tupa...pagkakita sa batik-batik na sangang naroon ay naging batik-batik ang mga iniluwal nun, may mga marka sa balat. Mandaraya talaga, dinaya ang sarili niyang biyenang lalaki. Dinaya ang kanyang nanay, dinaya ang kanyang tatay, dinaya ang kanyang kuya, subalit nung pumaroon siya isang beses sa...Isa nga siyang mandaraya. Takbo rito takbo roon, laging nagtatago sa Diyos, nagtatago sa kanyang kuya. Subalit noong mapunta siya sa Presensya ng Diyos, napagkilala niyang isa siyang makasalanan. Anong ginawa niya? Anong ginawa niya? Nakita niyang nabigyan siya ng pagkakataon. Nakatagpo niya ang isang bagay na hindi niya naiisip-isip dati, at nanatili siya roon hanggang sa maalis ang lahat ng mga kasalanan. Oh, ang ganda! Kinuha siya ng Diyos para pumaroon siya sa Kanyang Sariling Presensya.

70 Gumagawa ang Diyos ng paraan para makaparoon ang mga tao sa Presensyang naroon, pagkatapos nun ay nasa kanila na ang pagpapasya. May iba pipiliing tumakbo palayo sa Kanya, ang iba naman tumatakbo patungo sa Kanya. Kung itinalaga na

sila nang una pa sa Buhay, sasampalatayanan nila Iyon, kakapit sila Roon. Kung hindi naman, magpupumiglas silang makalayo at sasabihin, "Walang kuwenta Iyan." Kita n'yo? At 'yun ang taong napapahamak. "Yaong taong nagpapahayag ng kanyang kasalanan, ay magtatamo ng kapatawaran. Kung iyong itatago ang iyong kasalanan, hindi ka magtatagumpay." Hindi talaga.

71 Kaya naman si Jacob hayan nga siya, alam n'yo, nakatagpo niya nung sumunod na araw si Esau na kanyang kapatid. Hindi na niya kailangan pa ng tulong mula sa kuya niya. Hindi na niya kailangan 'yung mga hukbo ng kuya niya. Nakatuon siya sa pagtatayo ng mga dambana. Hindi na siya takot kay Esau.

72 Mga Awit 16:8, sabi roon ni David, "Aking inilagay na ang Panginoon sa harap ko." Napakainam ngang bagay ang gawin 'yun. Mga Awit 16:8, "Aking inilagay na ang Panginoon sa harap ko." Kaya, hindi na talaga siya malilito pa sa bagay na ito. Nais niyang di na mawaglit pa sa diwa niya ang Kanyang Presensya, kaya sinabi ni David, "Aking inilagay na lagi ang Panginoon sa harap ko. Heto ako, si David, inilagay ko na ang Panginoon sa harap ko, para di na mawaglit pa kailanman sa diwa—diwa ko ang Presensya ng Diyos." Hindi ba't napaka gandang aral n'yan para sa ating lahat ngayong gabi? Ilagay ang Panginoon sa harap natin upang di na mawaglit pa sa diwa natin ang Kanyang Presensya. Ilagay Siya sa unahan. Bakit? Ilagay Siya sa unahan, sa harap n'yo. Bakit? Nang sa gayon hindi na kayo magkasala pa kapag batid n'yong kayo'y babad na sa tuwina sa Presensya ng Diyos. Kapag batid n'yo kasing nariyan sa palibot ang Diyos, binabantayan n'yo ang sinasabi n'yo.

73 Ang isang tao, kapag iniisip niyang wala naman diyan ang Diyos, magmumura siya, magnanasa siya sa kababaihan, magagawa pa niyang. . .magnakaw, mandaya, magsinungaling. Kung anu-ano ang gagawin niya dahil iniisip niyang hindi naman siya nakikita ng Diyos. Subalit dalhin n'yo ang taong 'yan sa Presensya ng Diyos, titigil siya sa paggawa nun sa oras ding 'yun. Kita n'yo? Hayan nga't sinabi ni David, "Aking inilagay na lagi ang Panginoon sa harap ko." Napaka gandang bagay nga nun. Kaya naman sinabi ng Diyos na siya ay isang lalaking kinalulugdan ng Kanyang puso. Kung anu-ano ang gagawin ng tao kapag iniisip niyang wala naman sa palibot ang Diyos. Subalit kapag napagkilala niyang ang Diyos ay nasa palibot lang, nakapansin na ba kayo ng makasalanan? Palapitin n'yo sa kanya ang isang taong banal, titigil siya sa kanyang pagmumura, lalo na't may paggalang siya. Kita n'yo? Hindi siya magbibitiw ng mga mahahalay na biro na kung tutuusin lagi naman niyang ginagawa. Kita n'yo? Kita n'yo, titigil siya, sapagkat alam niyang nasa Presensya siya ng Diyos, 'pagkat tumatahan ang Diyos sa tabernakulo ng Kanyang mga hirang. Kita n'yo?

74 Pagkatapos nga roon ni David, sinabi niya, "Ang aking puso ay magagalak." Gusto ko sanang mabasa n'yo 'yun, Mga

Awit 16. "Ang aking puso ay magagalak, at ang akin namang katawan ay tatahang tiwasay." Bakit? Magagalak ang aking puso dahil nasa harap ko sa tuwina ang Diyos. "At ang akin namang katawan ay tatahang tiwasay; na kung ako'y mamatay, babangunin akong mag-uli. Sapagkat hindi Niya titiisin ang Kanyang Banal na makakita ng kabulukan, ni iiwan man Niya ang Kanyang kaluluwa sa impiyerno." Kita n'yo? Noon ngang inilagay ni David ang Diyos sa harap niya, di na nawaglit pa sa mismong diwa niya na sa tuwina'y nasa Presensya siya ng Diyos. "Hanapin muna ninyo ang Kaharian ng Diyos."

75 Ngayon makinig kayo, iglesya, mahal ko kayo. At nais kong pakinggan n'yo akong maigi ngayon. Gaya ng laging sinasabi noon ni Kapatid na McCullough, "May sasabihin akong isang napakahalagang bagay." Palagi n'yong ilagay ang Panginoon sa harap ninyo, at huwag kayong gagawa ng anumang gawa na hindi n'yo gagawin kapag nasa Kanyang Presensya, sapagkat nakamasid Siya sa inyo. Kita n'yo? Ang Panginoon ay nasa palibot lang ng mga nangatatakot sa Kanya. Siya'y hindi. . .Siya'y nariyan lang sa tabi n'yo mismo. At alam Niya ang lahat ng ginagawa n'yo, at dapat n'yong mabatid 'yun. Kapag tila ba makapag sisinungaling kayo, huwag n'yong ituloy, alalahanin n'yo, naririnig kayo ng Diyos. Kung tila ba makagagawa ka ng kahit katiting na pandaraya, huwag n'yong ituloy, nakamasid ang Diyos sa inyo. Kung tila ba mababanggit n'yo ang Kanyang Pangalan sa walang kabuluhan, huwag n'yo nang ituloy, naririnig kasi kayo ng Diyos. Tila ba hihitit ka na ng sigarilyo, nakamasid Siya sa inyo. Kita n'yo? Hayan nga Siya. . .Inaawit-awit natin dati ang isang awitin, "Sa pagtahak ko sa kalsada patungo sa tunay na tahanan ng kaluluwa, sa akin nga'y may nakamasid na mata; sa bawat hakbang na tinatahak, nakadilat yaong dakilang mata, sa akin nga'y may nakamasid na mata." Tandaan n'yo, gayahin n'yo si David, ilagay ang Panginoon lagi sa harap ninyo. Makikita n'yo magagalak ang inyong puso at ang inyong katawan ay tatahang tiwasay, sapagkat ipinangako Niya ito. Siyanga, po. Alam niyang siya'y babangon sapagkat ipinangako na iyon ng Diyos. Buweno.

76 Kapag papasok tayo sa Kanyang Presensya, mababago talaga tayo, hindi na tayo tulad pa ng dati. Tunghayan n'yo sa lahat ng nagdaang kapanahunan, sa bawat katayuan sa buhay, ang tao. Tingnan n'yo si Abraham. Sasabihin n'yo, "Buweno, para lang sa mga ministro ang pagbabagong buhay." Oh, hindi ganoon. Para sa lahat ang pagbabagong buhay. Kita n'yo?

77 Ngayon, si Abraham nga'y isa lang magsasaka, subalit nang marinig niya ang Tinig ng Diyos na nagungusap sa kanya, at nakita ang pangitaing 'yun, siya'y binagong tao na magmula noon. Inihiwalay nga niya ang kanyang sarili sa kanyang mga kaanak, mula sa lahat ng mga kasa-kasama niya, at lumakad bilang isang manlalakbay at isang dayuhan, sa ibang bayan, sa

nalalabi pa niyang buhay, tumatahan sa mga tolda, sapagkat buo sa loob niyang ipahayag na hinahanap niya ang isang bayang ang Nagtayo at ang Gumawa ay ang Diyos. Alam niyang may Diyos, at may isang bayan kung saan Ang Nagtayo at ang Gumawa ay Diyos. Iyon ang sinasabi sa atin ng Mga Hebreo 11, na hinahanap niya ang isang bayan na ang Nagtayo at ang Gumawa ay ang Diyos. Siya ay binagong tao, gayong isa lang naman siyang hamak na magsasaka noon. Subalit noong makita niya ang isang pangitain at makapasok sa Presensya ng Diyos, binagong tao na nga siya magmula noon.

78 Si Moises, anupa't isang pastol, subalit siya'y binagong tao noong pumaroon siya sa Presensya ng Diyos. Isa siya noong duwag, nagtago siya kay Faraon, habang tugis-tugis ng isang hukbo sa likuran. Subalit tangan lang ang isang tungkod sa kanyang kamay, nagbalik siya at dinaig ang buong bansa. Kita n'yo? Bakit? Pumasok siya roon sa Presensya ng Diyos. Siya ay binagong tao, isang pastol.

79 Si Pedro, isa lamang mangingisda, walang alam tungkol sa pangingisda...o walang alam tungkol sa Diyos, hayan nga't ang tanging alam lang niya siguro'y kung papaano manghuli ng isda. Subalit nung makaparoon siya sa Presensya ng Diyos, at nakita ang dakilang Manlilikha Na kayang lumikha ng isda, noong Kanyang sabihan siyang ihulog na 'yung mga lambat at humandang hilain 'yun. Walang anumang isda noon, kahihila lang niya ng mga lambat niya dun. Subalit sabi niya, "Sa Iyong Salita, Panginoon. Nananampalataya akong Ikaw ang Anak ng Diyos, at kung Iyong sinabi...kung ihuhulog ko ang lambat, sinabi Mo kasi sa akin na gawin ito; sa Iyong Salita, sapagkat Ikaw at ang Iyong Salita ay iisa, hayan nga't ihuhulog ko na ang lambat." At nang hatakin na niya 'yun, sabi niya, "Lumayo Ka, Panginoon, ako'y taong makasalanan." Kita n'yo, isang mangingisda, pero pagkatapos na makatagpo ni Pedro si Cristo ay hindi na siya naging tulad pa ng dati. Siya, pagkatapos, ay naging napaka tapat sa Diyos, na ibinigay sa kanya ang mga susi ng Kaharian. Siyanga, po.

80 Si Pablo, isang nataguriang Fariseo, edukado at sinanay sa lahat ng relihiyon...na mayroon sa sanlibutan noong araw na 'yun, isa sa mga pinaka kilalang iskolar sa lupain. Subalit nang humarap siya sa Haliging Apoy isang araw, sa Diyos na kanyang inuusig, nang wala siyang kamalay-malay. Isa siyang Fariseo, hindi siya naniniwalang ang Diyos ay isang Tao. Alam niyang isang Haliging Apoy ang Diyos, pinangunahan Nito ang Kanyang bayan palabas ng Egipto, kasa-kasama nila Ito noon pa mang simula. Subalit nang makita niya ang Haliging Apoy na 'yun, napasubasob siya. At narinig niya ang isang Tinig na nagsasabi, "Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig?"

Sabi, "Sino Ka baga, Panginoon?"

81 Sabi Niya, “Ako si Jesus.” Siya’y tao, na nakapagsasabi, “Sa ano kayo nabautismuhan?” Nakaparoon siya sa Presensya ng Diyos. Isa na siyang binagong tao mula noon, nakaparoon kasi siya sa Presensya ng Diyos. Binababago Nito ang isang tao.

82 Si Charles G. Finney, abogado, isang bigating abogado na taga-Philadelphia, subalit nang makaparoon siya sa Presensya ng Diyos ay binitiwan niya ang pag-aaral niya ng abogasya at naging isa sa pinakadakilang mangangaral na nagkaroon ang bansang ito.

[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]. . .naging mangangaral, dahil isang araw ay nakaparoon siya sa Presensya ng Diyos. Nagka-isip siya, minsan, na pag-aralan ang pagmi-ministeryo. Naroon ’yun sa aklat niya. May aklat ako ng talambuhay niya. Lumabas siya para manalangin. Sa isip-isip niya’y puwede na siyang maging mangangaral. Nasa kanya ’yung pagsisikap, na maging mangangaral, at may mangilan-ngilan na rin siyang mga pangangaral na ipinapangaral. Lumabas siya isang araw, lumabas sa kanyang opisina, para manalangin, pumunta roon sa kakahuyan. Lumuhod siya roon sa likod ng isang matandang punongkahoy na nakabuwal, kung saan siya laging pumupunta tuwing hapon. Napakarelihiyoso, subalit hindi siya naniniwala Roon.

May dalawang kababaihan sa iglesya, lagi nilang sinasabi, “G. Finney, ipapanalangin naming matanggap mo ang Espiritu Santo.”

Sabi niya, “Taglay ko na ang Espiritu Santo.” Sabi, “Isa akong mangangaral.”

83 Sabi, “G. Finney, isa kang dakilang tao, at totoong marami kang nalalaman sa Salita, subalit kailangan mo ang Espiritu Santo. Kaya ipapanalangin ka namin.” Tunay ngang kalugod-lugod na mga munting kababaihan.

84 Kaya ganoon na nga ang nangyari, ganoon nang ganoon. Hayan nga’t araw-araw pumupuslit siya sa likuran ng opisina niya, tumatakas siya sa boss niya at sa mga ka-opisina niya, at lagi niyang iniiwan ang ibang abogado sa opisina at lumalabas doon para manalangin. At isang araw habang nananalangin siya roon ay nakarinig siya ng isang sangang nabali. At naisip niyang baka ’yung boss niya ’yun, hinahanap na siya. Dali-dali siyang napatayo. Nananalangin siya noon, “Panginoong Diyos, sumasampalataya po ako sa Iyo.” Tapos biglang may sangang nabali, napaimik siya tuloy, “Uhm! Uhm! Uhm!” tumayo siya at ’yun ang naimik, nagpalinga-linga sa paligid, tiningnan niya kung ano ’yung nakabali sa sanga. At noong sandaling ’yun ay pumasok siya sa Presensya ng Diyos. Nalaman niyang nabali nang kusa ’yung sanga. Tumayo siya roon, dagnas ng luha ang kanyang mga pisngi. Sabi niya, “Siguro tama ang mga babaing ’yun. Nahihiya akong may makakita sa akin habang kausap ko

ang aking Diyos, samantalang kapag boss ko ang kausap ko nakapagmamalaki pa ako. Gaano pa kayang lalong mas dakila ang aking Panginoon kaysa sa boss ko!" Sabi, "Panginoon, patawarin Mo po ako at punuin Mo ako ng Iyong Banal na Espiritu," napahiyaw siya at napasigaw. Nakapasok siya sa Presensya ng Diyos. Tumakbo siya nang matulin sa kabayanan diretso sa kanyang opisina. Napasigaw siya nang napakalakas at nagtago sa likod ng pinto, sabi, "Panginoon, magdudulot ako ng kahihiyan sa Iyo. Itago mo ako rito sa likod hanggang sa humupa na ang pakiramdam na ito." Bakit? Nakaparoon kasi siya sa Presensya ng Diyos. Siya ay nabagong tao. Yaong mga pangangaral na dati niyang ipinangangaral, 'yun pa rin naman ang ipinangangaral niya at nagsisilapit na ang mga kaluluwa sa altar. Kita n'yo, nakaparoon kasi siya sa Presensya ng Diyos.

85 Si Moody, isang hamak na matandang sapatero, halos hindi kabisado kahit ABC na nga 'yun. Siyanga. Di magkaintindihan sa pagbabaybay niya ng pangungusap. May nagsabi tuloy sa kanya isang beses, "Ang hirap pong intindihin ng pagbabaybay n'yo ng pangungusap, G. Moody."

Sabi niya, "Gayumpaman nakaaakay ako ng mga kaluluwa sa pagbabaybay na 'yan." Hayan nga't . . .

86 Isang araw dun sa pahayagan, may isinulat na balita 'yung patnugot. Nagpunta muna siya roon upang makita kung paano nakakapagtipon ng napakaraming tao ang lalaking 'yun kahit saan kahit kailan, bagamat pandakin, kalbo, at kung anu-ano pa, ang haba-haba ng balbas, ang laki-laki ng tiyan, at terible talaga ang itsura kung titingnan mo. Hayan nga't nagsulat ang pahayagan ng artikulo tungkol sa kanya, sabi dun, "Di ko mawari kung ano nga bang talaga ang nakikita ng mga taong 'yun kay Dwight Moody." Sabi, "Siya'y pangit, papiyok-piyok ang boses niya, abot-baywang ang balbas, parang kalabasa sa kalbo." At sabi pa, "Papaano mangyayaring may pupunta dun para makita itong Moody na ito?"

87 Nakita nga nung katiwala ni Moody 'yung balitang 'yun, sabi, "Tingnan n'yo po, G. Moody, babasahin ko sa'yo 'yung nakalagay rito." Hindi kasi marunong magbasa si Moody. Kaya sabi niya, "Babasahin ko sa'yo ang editoryal." At 'yun na nga.

88 Nagkibit-balikat lang si Moody, sabi, "Talaga namang hindi ako, dahil si Cristo ang pinunta nila roon para makita." Yun lang 'yun. Bakit? Nakaparoon na kasi siya sa Presensya ng Diyos. Mula sa pagkumpuni ng mga suwelas ng sapatos, para maisuot ng tao; ngayo'y sinusuutan na niya ang mga tao ng panyapak ng Ebanghelyo ng paghahanda. Bakit? Naroon na kasi siya sa Presensya ng Diyos. Ganoon nga.

89 Isang munting babae minsan ang nakaparoon sa Presensya ng Diyos, isang hamak na makasalanan. Noong sandaling 'yun na napagkilala niyang naroon siya sa Presensya ng Diyos, ang

bawat kasalanan niya'y pinatawad at siya'y naging singdalisay at singputi ng isang bulaklak na liryo. Oh, naku. Napakarami pa sana akong gustong banggitin na mga ganoong tao, pero wala na kasi tayong oras.

90 Pero hayaan n'yong mangusap ako nang kaunti tungkol sa sarili ko. Meron kayang mas sasagwa pa kaysa sa akin? Mas sasagwa pa sa pinanggalingan ko? Galing ako sa pamilya ng mga lasenggo, galing sa pamilya ng mga mamamatay-tao, galing sa pamilyang naglalako ng kontrabandong alak. At alam n'yo 'yan, alam 'yan ng bawat isa sa inyo, alam kung anong klaseng reputasyon ang mayroon kami rito. Hindi nakikipag-usap sa amin ang mga tao sa lansangan. Pupunta ako sa bayan, tapos may itatanong lang ako, hindi talaga nila ako kakausapin maliban lang kung walang tao sa paligid. Kakausapin siguro nila ako, pero kapag may ibang darating, hindi na nila ako papansinin. At wala talaga akong magawa kundi tumayo na lang doon at maiyak, "Hindi, hindi dapat ganito, hindi puwede ito. Mali ito."

91 Subalit isang araw ay nakaparoon ako sa Presensya ng Diyos. Binago Niya ako at ginawa akong ibang-iba nang anak. Dinala ako ng biyaya Niya sa Kanyang Presensya. Hindi ko na ninais pang iwanan Ito. Maghihigit-kumulang tatlumpung taon na. Pero hinding-hindi ko talaga Ito iiwan. Taglay-taglay ko na ang kasiguraduhan na lagi akong Naroon. Maging kamatayan man mismo ay hindi ako maihihiwalay sa Kanyang Presensya. Hindi nga. Ako'y mananatili sa Kanya magpakailanman. Noon ngang unang beses kong makita ang Kanyang Presensya, ako'y napaiyak gaya ni Isaias, "Sa aba ko." Pagkatapos ay hinipo Niya ako sa Kanyang biyaya. Ako'y binago na. Yaong munting suwail na dati-rati'y kung saan-saan naglilimayon at kung anu-anong ginagawa at lahat na, ay nabago, at magmula noon ako'y naging anak Niya. Magmula noon, inasam ko nang ibigay ang buo kong buhay sa Kanyang gawain, na kung mabibigyan lang ako ng sampung libo pang buhay hayan nga't ibibigay kong lahat 'yun sa Kanya. Itong nasa akin ay talaga namang tumatanda na, maglilimampu't tatlong taong gulang na kasi. Mga tatlumpu't tatlo nun, o tatlumpu't dalawa nun ay inukol ko sa Ebanghelyo. Kung may sampung libong buhay lang ako'y iuukol kong lahat ng 'yun. Bakit? Noong panahon kasing 'yun na naroon ako sa Kanyang Presensya ay napagtanto kong may Isa Na nagmamahal sa mga hindi karapat-dapat mahalin, may Isang nagmamahal sa akin noong walang gustong magmahal sa akin, may Isa Na nagmamalasakit sa akin noong wala ni isang gustong magmalasakit sa akin. Niyakap ko ang Kanyang krus, niyapos ko 'yun nang husto, at ako at Siya ay naging isa noong oras na iyon. At magmula noon ay minahal ko Siya. Pinahiran Niya ang dibdib ko at ang puso ko ng Kanyang Dugo, noong hipuin ako at patawarin ng aking mga kasalanan, at nagagalak ako ngayong gabi dahil ako'y ibinilang na maging hirang Niya. Hinding-hindi

ko na kailanman nanaisin pang lisanin itong Makalangit na dako, bagama't nariyan lagi ang manunuksong nanghihikayat at hinding-hindi sumusuko; hayan nga't ligtas na ako sa kanlungan ng Diyos, at masaya sa Kanyang pag-ibig at biyaya, heto nga akong patuloy na namumuhay sa panig ng hallelujah. Grabe! Pinagagalak nito nang husto ang puso ko.

92 Inirerekomenda ko Siya sa bawat taong napapagal. Inirerekomenda ko Siya sa inyo na mga walang pag-asa. Kayo na hindi pa nakakaparoon sa Kanyang Presensya, ang tanging bagay lang na kailangan n'yong gawin ay ipahayag ang inyong mga kasalanan at tanggaping nagkamali kayo, at ang Diyos nga'y may itinalagang Anghel ngayong gabi, ang Banal na Espiritu, na mag-aalis ng lahat ng inyong mga kasalanan. Pagkatapos nun makasisigaw kayo, "Panginoon, narito ako, isugo Mo ako." Pagkatapos nun itataas n'yo ang inyong mga kamay at aawit, "Pupurihin ko Siya! Pupurihin ko Siya! Purihin ang Corderong pinatay para sa mga may sala. Luwalhatiin n'yo Siya, lahat ng bansa, sapagkat hinugasan ng Dugo Niya ang lahat ng sala." Iniibig ko talaga Siya. Hindi ba't kayo rin? Mamuhay tayo sa Kanyang Presensya!

93 Umakyat ako rito sa pulpito kaninang umaga, na masama ang pakiramdam at ang sakit talaga . . . Pumunta kasi ako—ako sa Kentucky noong nakaraang linggo kasama ang ilang malapit na mga kaibigan na nakaupo ngayon dito. Kung maglalagi pa ako roon nang matagal, matutuluyan siguro ako roon, pihado, at sinasabi ko po ito nang buong kaluguran, dahil sila'y isa sa pinaka mahuhusay na tagapag-lutong nakilala ko sa buhay ko. Hayan nga't di ko na kaya, busog na busog na talaga, "Kapatid na Branham, bakit di mo tikman ito?" At napakasarap naman kasi nun, kaya kinain ko pa rin. Nabusog tuloy ako nang husto na hindi na talaga ako makakilos nang maigi. Hindi ako—hindi ako makatulog, at tumatayo na lang ako at naglakad-lakad na lang nang kaunti. At di nga ganoong kaayos ang pakiramdam ko nung dumating ako rito kaninang umaga. Subalit noong nakapasok na ako sa Kanyang Presensya, naging maayos na. Naging maayos na, nawala ang lahat ng 'yun. Siyanga. Oh, ang mabuhay nga sa Kanyang Presensya!

I will praise Him, I will praise Him,
Praise the Lamb for sinners slain;
Give Him glory all ye people,
For His Blood has washed away each stain.

Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon.

[Inumpisahang ihiging ni Kapatid na Branham ang *I Will Praise Him*—Pat.]

For He's done so much for me.
He's forgiven my transgression,
And His Blood has washed my sin.

I will praise Him, I will praise Him,
Praise the Lamb for sinners slain;
Give Him glory all ye people,
For His Blood has washed away each stain.

[Inumpisahang ihiging ni Kapatid na Branham ang *I Will Praise Him*—Pat.]

94 Ngayon kung nakadalo kayo ngayong gabi . . . At alam kong narito ang Kanyang Presensya. Nakatayo riyan kanina, 'yung munting batang babaing dumadalo sa Church of God, kumilos ang Espiritu Santo sa akin nung nanalangin ako noon para sa munting batang 'yan. Nanggaling pa 'yung mga magulang niya ngayon mula sa pagtitipon dun sa Anderson Church of God. At 'yung tagapangasiwa nila ng gawain doon, alam niya 'yung lagay nung bata, na sabi ng mga doktor "maaaring . . . ikamatay agad, 'yung leukemia." Ang munting, malambing na munting bata, ay nasa malubhang yugto na nung sakit niya. Lumapit siya at iniabot ang munting kamay niya sa akin, magang-maga 'yun, dahil sa mga itinurok na kung anu-ano, magang-maga. Tumingin ako sa kanya, nakakita ako ng isang pangitain. Nagbabasa ng aklat 'yung mga magulang niya noon. Wala silang kaalam-alam sa nangyayari. Sinabi sa kanila ng punong tagapangasiwa roon ng pagtitipon, sinabi na dalhin ang bata rito. Gusto nilang bumalik para sa gawaing pagpapagaling. At sabi ko, "Dalhin n'yo na ang bata ngayon," nadama ko ang isang pangunguna.

95 Noong nakatayo ako roon noon, ipinabatid sa akin nung Espiritu Santo at ipinakita sa akin ang kasaysayan nung bata. Sinabi sa akin kung paano nangyari 'yun, kung anong ginawa nila. Sinabi sa akin kung anong pangarap nung munting bata, na maging manunugtog ng piyano. At ang nanay niya'y halos mapasigaw. At sinabi nga ng tatay, "Iyan nga'y katotohanang galing sa Diyos." Nakaupo sa loob ng kotse at nakikinig doon, hindi makapasok, nakaupo roon at nakikinig doon.

96 May biglang lumitaw na isang malaking talukbong na anino na nakalutang sa ibabaw ng bata. At sinabi ko, "Satanas, talunan ka na." "Wala ka pong itinatanging tao, Diyos. At sa kapangyarihan ng Iyong pagkabuhay na mag-uli, at ako bilang Iyong lingkod, pinapalayas ko ang diyablong ito mula sa bata." Isang malaking nagliliwanag na Ilaw ang kumislap sa uluhan nung bata, tapos na. Amen. Huh? Tunay, karapat-dapat Siya sa lahat ng papuri!

97 Nalalaman Niya ang lahat ng bagay. Nalalaman Niya ang iyong puso. At ikaw mismo alam mo ang iniisip mo; alam Niya, rin naman. Kung may maliit na kasalanang pasabit-sabit pa sa iyo sa gabing ito, hindi mo nanaising pumasok sa Presensya ng Diyos na taglay-taglay pa 'yan, kaya maaari bang itaas mo ang iyong kamay minsan pa at sabihin, "Kapatid na Branham,

idalangin mo ako, nais kong pumasok sa Presensya Niya sa araw na Iyon, na walang anumang kasalanan." Pagpalain ka ng Diyos. Maraming mga kamay, nakikita 'yan ng Diyos. Sa Kanyang Presensya. Ngayon sasabihin ko sa inyo ang dapat n'yong gawin. Ngayon makinig lamang nang mabuti. Gawin n'yo ang gaya ng ginawa ni David, ilagay n'yo ang Panginoon sa harap n'yo sa oras na ito mismo. Ilagay n'yo ang Panginoon sa pagitan n'yo at ng kasalanang 'yan, anuman 'yang maliit na kasalanang 'yan na bumabagabag sa iyo. Pagsisinungaling man 'yan, pagnanakaw man, pag-iisip man ng masama, pagpapairal man ng init ng ulo, pag-inom man ng alak, paninigarilyo man, pagsusugal man. Hindi ko alam. Pagnanasa man. Anuman 'yan. Hindi ko alam. Anuman 'yan, ilagay n'yo ang Panginoon sa harap n'yo. At pagkatapos nun ang inyong puso ay magagalak, at ang inyong laman ay tatahang tiwasay, sapagkat nalalaman n'yong nangako si Cristo na Siya'y magbabangon sa huling mga araw. Sa pagparito Niya, tayo'y magiging kawangis Niya. Maaari n'yo bang gawin ito ngayon, habang nananalangin tayo?

98 Makalangit naming Ama, natapos na po ang isang maiksi't paputol-putol na Mensahe ng pagod at lupaypay na lingkod. Gayunman pinagbulay-bulay ang paksang ito ng "pananahan sa Presensya ng Diyos." Hayan nga't nakita namin ngayong gabi ang naging dulot nito sa mga lalaking banal na lumapit sa Iyong Presensya, kung anong naging dulot nito sa kanila. Mga lalaking matuwid, dakila't makapangyarihang mga propetang itinalaga ng Diyos, at isinugo upang ipangaral ang Salita, at noong makita Siya nang mukhaan ay nasubasob sila sa lupa na waring patay. Ano kayang gagawin namin sa Araw na 'yun, Panginoon? Iniisip-isip namin ito. Pinagbubulay-bulay namin ito. Mga apatnapu o limampung kamay ang iniisip-isip ito, Panginoon, hayan nga't itinaas nila ang kanilang mga kamay, o ang mga puso sa ilalim nung mga kamay, pinagbubulay-bulay ang panahong 'yun na makakatagpo Siya mula nang mangusap kami tungkol dito. Ano kayang gagawin nila kung kailangan na nila Siyang katagpuin?

99 Ang mga kamay ko po, Panginoon, ay nakataas. Ano pong gagawin ko? Ngayon, Ama, napakarami ko ngang bagay na nagawang mali. Ipinahayag ko ang kasalanan ko nung umaga sa harapan ng iglesya, kung paanong ipinahayag ko 'yun sa Iyo sa taluktok ng bundok noong isang umaga noong umiihip nang malakas at umuulan ng niyebe, doon nga sa ibabaw ng bundok, hayan nga't umiyak ako at humiling sa Iyo na patawarin ako dahil sa aking kamangmangan. At nag-aatubili pa nga po ako noon na pumunta sa harapan ng mga kapatiran, dahil ang ilan sa kanila'y kinikilala ako bilang Iyong lingkod na propeta. At, Panginoon, para bang ayaw ko talagang pumunta sa harapan nila at sabihin sa kanila ang tungkol sa isang kamangmangang nagawa ko na di nila iniisip na magagawa ko, ngunit, Diyos,

napakainam nga para sa kaluluwa ko na ipahayag ang aking mga kasalanan at hindi itago ang mga ito. Kaya sa pagiging tapat ko po sa Iyo, at maging sa harap ng mga tao, ipinahayag ko ang bagay na ito, Panginoon. Ako'y nagkamali, ako'y ganap na nagkamali talaga. Dumadalangin po ako ng kapatawaran.

100 At saka po, Ama, tila ba pahapay-hapay po ako sa Iyo, na paglingkuran Ka, maraming beses na po at siguro'y ganoon pa rin ako kung hindi ko ginawa 'yun. Ama, ipinahahayag ko ang aking mga kasalanan. Ninanais kong linisin ako ng Anghel ng Diyos sa pagkakasalang 'yun, sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus. Maraming iba pang mga kamay ang nagsisitaas ngayong gabi, ang ilan sa kanila marahil ay hindi pa nakahingi noon ng tawad kahit minsan; subalit nakakatiyak ako sa isang bagay na ito, na kung ipapahayag namin ang aming mga kasalanan, papawiin ng Diyos ang mga iyon, ilalagay ang mga iyon sa dagat ng pagkalimot at di na—di na kailanman aalalahanin pa. At, Ama, ipinahahayag ko rin naman ang sa akin, tungkol sa mali kong nagawa sa harap ng mga tao, hindi ako kumilos na gaya ng isang lingkod ni Cristo. Hindi ko nagawa. Natakot akong baka magalit ang taong 'yun sa akin kaya't naisip kong huwag saktan ang kanyang damdamin, subalit hindi ko naisip ang ginagawa ko po sa Iyo, Panginoon. At ngayon ako'y—ako'y dumadalangin na ako'y patawarin Mo. At ngayon, Ama, alam kong kung hihingi ako ng kapatawaran ay may kapatawaran ako, at inilagay mo na ang mga 'yun sa dagat ng pagkalimot, at di Mo na aalalahanin pa kailanman. Diyos, nagpapasalamat po ako para riyan.

101 At dinadalangin kong itulot Mo na ang bawat taong narito, na may sala, bagbag ng kasalanang nakahambalang sa harapan nila, nawa'y alisin nila ito at ilagay ang Panginoon sa kanilang harapan na gaya ng ginawa noon ni David. Sapagkat ngayon ay makasisigaw kami, "Sa aba ko, sapagkat aking nakita ang Kaluwalhatian ng Diyos. Ako'y lalaking may maruming mga labi, o isang babae o kabataang babaing may maruming mga labi, kabataang lalaki, anuman kami." Anuman kami, kami'y marurumi, at hinihingi namin ang Dugo ni Jesus Cristo, ang inilaang Hain, upang linisin kami sa lahat ng kasalanan, upang makapanahan kami magpakailanman sa Kanyang Presensya. Nawa'y makahayo kami mula sa dakong ito ngayong gabi na ang aming mga puso ay nagagalak, at ang aming mga katawan ay tatahang tiwasay, nalalamang, pagparito ni Jesus, kami'y ibabangong kasama Niya sa Kanyang wangis, at sasalubungin Siya sa alapaap, sa Pag-agaw, kapag ang pagbibilang ay ubos na rin sa wakas. Nakikita naming natapos na ang pagbilang ng ikapitong kapanahunan ng iglesya, at handa na kaming pumailanlang. Dalangin namin, Diyos, na Iyong, bago Mo isara ang pinto, kung may isa ritong hindi pa nakapasok, magmadali nawa silang pumasok, sapagkat ramdam naming ang pintuan ng habag, sa pagitan ng kahabagan at kahatulan, ay isinasara

na. Ang mga tatanggap ng habag ay magsisipasok. Ang mga hindi magsisipasok ay magdurusa ng kahatulan. Isinasara na ng Diyos ang pinto. Wala nawang magsara ng pinto ngayong gabi sa bawat isa sa mga makasalanan rito na nagpapahayag ng kanilang pagkakasala. Kami nawang lahat ay tumanggap ng kapatawaran at habag. Sa Pangalan ni Jesus Cristo.

102 At ngayon po, Ama, para naman sa mga maysakit at sa mga nagdurusa, para roon sa mga nangangailangan, dumadalangin po ako na Iyong punan ang lahat ng pangangailangan nila. Pumasok nawa sila kay Cristo, sa Kanyang Presensya. Ilagay si Cristo, si Cristo, ang pangakong, "'Siya ay nasugatan dahil sa aking mga pagsalangsang,' aking mga kasalanan. 'Sa Kanyang mga latay at magaling na ako,' kung gayon ilalagay ko ang Panginoon sa harapan ng aking mga karamdaman. 'Siya ay nasa aking kanan, at hindi ako makikilos,' kaya naman nakalalakad na ako nang may katapangan, ipinahahayag na ako'y pinagaling na. 'Sa Kanyang mga latay ay pinagaling na ako.'" Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon, sa bawat isa sa kanila. At alam naming kung ipahahayag namin sa aming mga puso at, o sa aming mga labi, at mananampalataya sa aming mga puso, kung gayon makakamit namin ang mga inaasam namin.

103 Sinabi Mo, "Anuman ang sabihin ninyo, magsisampalataya kayong mangyayari, at inyong kakamtin ang inyong sinabi." Sinasampalatayanan namin 'yun, Ama, at sumasampalataya kaming lilinisin Mo kami mula sa lahat ng aming mga sala, at pagagalingin sa lahat naming karamdaman, at pagkakalooban kami ng biyaya, Panginoon, upang mapaglingkuran Ka namin.

104 Samahan Mo po ang mga taong ito. Marami sa kanila ang maglalakbay pa sa madidilim na daan ngayong gabi. Marami sa kanila ang maglalakbay nang maraming milya. Huwag Mo pong pabayaang may mangyari sa kanila, Panginoon. Malayo pa ang kanilang pinanggalingan para makaupo rito at makinig sa paubos nang pagbibilang, at makitang nalalapit na talaga kami sa wakas ng panahon. Ngayon po hiniling ko sa kanilang humayo, na ang Diyos ang inilalagay sa harap nila, sa tuwina sa unahan nila, bago ang anupamang bagay. Bago bumiyahe, bago kumilos ng kahit ano, bago sila—bago sila gumising, bago sila mahiga, sa tuwina bago sila matulog, saanman, unahin ang Diyos! "Sapagkat kung Siya ay nasa aking kanan, ay hindi ako makikilos." At nawa'y ang kanilang mga puso ay mangagalak, sa pagkakaalam na nakamtan na nila ang kanilang hiniling, sapagkat Diyos ang nangako, at ang kanilang mga katawan ay tatahan sa tiwasay. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

I will praise Him, I will praise Him,
Praise the Lamb for sinners slain;
Give Him glory all ye people,
For His Blood has washed away each stain.

105 Ngayon sumasampalataya ba kayong inilagay na ninyo ang Panginoon sa pagitan n'yo at ng inyong kasalanan, sa pagitan n'yo at ng inyong karamdaman, sa pagitan n'yo at ng inyong pagkakamali, sa pagitan n'yo at ng inyong mga gawi? "Aking inilalagay na lagi ang Panginoon sa harap ko, at ako'y nasa Kanyang Presensya na. Sa susunod na tila magsisindi ako ng sigarilyo, ang Panginoon ay nasa harap ko. Sa susunod na para bang magnanasa ako, ang Panginoon ay nasa harap ko. Sa susunod na magsimula akong magsabi ng anumang masama, ang Panginoon ay nasa harap ko. Sa susunod na magsimula akong magsalita ng masasamang bagay, ang Panginoon ay nasa harap ko. At hindi ako makikilos. Amen. Mabubuhay ako sa Kanyang Presensya sa bawat araw, sa aking mga pakikipag-ugnayan, bawat araw sa pakikipag-usap ko. Lalakad akong gaya ng nasa harap ko ang Panginoon, sapagkat ngayong gabi ay inilagay ko Siya sa harap ko. Hindi ako makikilos." Iniibig n'yo ba Siya?

106 Ngayon, magsitayo na po tayo ngayon. Oh, napakabuti ng pakiramdam ko. Pakiramdam ko'y para bang ayaw ko nang umuwi. At alam n'yong may dalawampu't limang minuto pa bago mag-alas nuwebe, napaaga ako ng tapos nang dalawang oras. Hindi ba't kamang-mangha ito? Oh, grabe talaga! Subalit ngayon sa pag-uwi natin, lagi nating alalahanin, dapat nating dalhin ang Pangalan ni Jesus sa tuwina, bilang pananggalang sa bawat bitag. At kapag pumalibot sa atin ang napakaraming tukso. . .na pilit tayong pinakakalimot dun, sambitin n'yo lang ang banal na Pangalang iyon sa panalangin.

Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort give you,
Oh, take It everywhere you go.

Precious Name (precious Name), O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name (precious Name), O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

107 Ilan ang nalulugod sa ating pastor, kay Kapatid na Neville? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hindi ba't dapat tayong magpasalamat sa Panginoon dahil sa mabuti't, tapat, na gaya niya na sa araw-araw, sumasampalataya sa Ebanghelyo? ["Amen."] At napakainam ngang talaga ng kanyang patuloy na pagsunod sa mga Utos ng Diyos, at pangangaral ng Salita at pagpapanatili ng kaaya-ayang espirituwal na pakiramdam dito sa loob ng iglesya sa tuwina. Hayan nga't, nakaparoon na ako sa East Coast, napunta na ng Timog, at pagkatapos West Coast, at sa Canada na rin, at hindi pa ako nakakahanap ng isang iglesyang kasing espirituwal ng iglesyang ito rito. Ibang-iba na 'yung iba, oo, napunta na sila sa pagkapanatiko, o kung minsan para bang ang gulu-gulo ng gawain, o minsan napakalamig na na hindi man lang sila umiimik. Ganoon nga.

108 Ngayon, mahal n'yo ba ang isa't isa? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, magkamayan tayo sa isa't isa, at sabihin, "Purihin ang Panginoon."

109 [Nakikipagkamayan si Kapatid na Branham sa mga tao—Pat.] Purihin ang Panginoon. Purihin ang Panginoon. Purihin ang Panginoon. Purihin ang Panginoon, kapatid na babae. Purihin ang Panginoon. Nagagalak akong nakaparito ka, kapatid na lalaki. Purihin ang Panginoon, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos. Buweno. Pagpalain ka ng Diyos. Sige. Pagpalain ka ng Diyos. Naiintindihan ko ang pangangailangan mo. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos.

> Take the Name of Jesus with you,
> As a shield from every snare;
> When temptations round you gather, (Anong gagawin n'yo?)
> Breathe that holy Name in prayer.
>
> Precious Name (precious Name), O how sweet! (O how sweet!)
> Hope of earth and joy of Heaven;
> Precious Name (precious Name), O how sweet!
> Hope of earth and joy of Heaven.

110 Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon. Nang talagang marahan, huwag nating kalilimutan 'yun ngayon. Awitin natin muli ang talatang 'yun.

> Take the Name of Jesus with you, (Para saan?)
> For a shield from every snare, (kapag sinusubukan kayong bitagin ni Satanas);
> When temptations round you gather, (Anong gagawin n'yo?)
> Just breathe that holy Name.

"Sapagkat kung ang Panginoon ay nasa harap ko; hindi ako makikilos!"

> Precious Name (precious Name), O how sweet!

Kapatid na Neville.

*Sa Kanyang Presensya* TAG62-0909E
(In His Presence)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Setyembre 9, 1962, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org